

# Naratibo sa Pagtitiklad: Paglikha at Paglalarawan sa Pagkakakilanlang Calabangueño

Nicholson M. Nidea, MA  
Quipayo National High School

Vasil A. Victoria, PhD  
Ateneo de Naga University  
vvictoria@gbox.adnu.edu.ph

## Abstrak

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa paglalarawan at pagsasalaysay ng kulturang taglay ng isang komunidad na magkaroon ng panibagong mga dalumat upang higit na magkaroon ng pag-unawa at pagkakakilanlan sa usaping etnograpiko at pang-okupasyong varayti ng wika partikular ang munisipalidad ng Calabanga, Camarines Sur sa mga gawaing pagtitiklad. Sinasabing kultura ang mga kinalakihang praktis, mga gawi-gawi, at paniniwala ng isang grupong sama-samang gumaganap dito. Isa ang pagtitiklad sa mga gawaing pantahanan at pangkabuhayan ng mga barangay na malapit sa mga *swampland* katulad ng Balatasan, Balongay, Dominorog, at San Bernardino.

Sumailalim ang pag-aaral na ito gamit ang etnograpiya at *fieldwork* sa tulong din ng pagsusulong sa maka-Filipinong pamamaraan ng pananaliksik tulad ng pakapa-kapa, patanong-tanong, pakikipagkuwentuhan, ginabayang talakayan, at nakikiugaling pagmamasiid bilang mga tiyak at espesipikong pamamaraan sa pagkalap ng mga datos. Kinapalooban ito ng walong *respondent* na nasa 20 taon at mahigit pa sa karanasan sa pagtitiklad ang sumailalim sa serye ng pakikipanayam at *focused group discussion* (FGD).

Natuklasan sa pag-aaral ang iba't ibang mga naratibo sa pagtitiklad tulad ng mga natatanging karanasan at ang pagtitiklad bilang pinagsasaluhang kultura ng apat na piling barangay. Nakapagtala rin ng 22 eksklusibong salita sa pagtitiklad bilang bahagi ng pang-okupasyong varayti ng wika. Karagdagan, nakakuha ng mga tema at dalumat tungkol sa pagkakakilanlang Calabangueño sa tulong nila at ng kanilang kultura. Naipakita ring may malaking impak sa kulturang Calabanga ang mga paratiklad lalo't higit walang gaanong identidad ang mga paratiklad sa

nasabing munisipalidad. Ipinakita rin ang distinksiyon ng pagtitiklad sa ibang trabaho sa pamamagitan ng pagtatangi nito at maipagmamalaking tunay sa tulong ng mga buhay na pruweba ng pagsisikhay at pagtatagumpay.

Sa pangkalahatan, nais imungkahi ng mananaliksik ang pagsasatitik ng mga natatagong naratibo sa mga pananaliksik-kultural ng mga umiinog na lugar ng bawat komunidad. Karagdagan ang pagsasagawa ng *tiklad festival* bilang selebrasyon ng pagpapayabong ng tradisyon hindi lamang bilang hanapbuhay maging isang kulturang pinagsasaluhan mula noon hanggang sa kasalukuyan.

Mga susing salita: naratibo, pagtitiklad, paratiklad, baryasyon ng wika, pagkakakilanlang Calabangueño, maka-Filipinong pananaliksik

## Abstract

This study focuses on the description and narration of the cultural attributes inherent in a community, aiming to provide new insights to enhance understanding and identification of ethnographic issues and occupational language varieties, particularly in the municipality of Calabanga, Camarines Sur, through day-to-day *pagtitiklad* activities. The culture encompasses the customary practices, behaviors, and beliefs shared by a collective group. *Pagtitiklad* is considered one of the local and livelihood activities in the barangays near the swamplands such as Balatasan, Balongay, Dominorog, and San Bernardino.

This study employed ethnography and fieldwork, supplemented by the promotion of a Filipino research approach, such as immersion, probing questions, conversational interviews, guided discussions, and participant observation, as specific and specialized methods for data collection. It involved a total of eight respondents aged 20 years and above, who had experience in *pagtitiklad*, and they underwent a series of interviews and focused group discussions (FGD).

This study discovered various narratives in *pagtitiklad*, including unique experiences and *pagtitiklad* as a shared cultural practice among four selected barangays. It also recorded 22 exclusive terms related to *pagtitiklad* as part of the occupational language variety. Furthermore, it obtained themes and insights regarding

the Calabangueño identity and their culture. The study also revealed that *pagtitiklad* puts a significant impact on the culture of Calabanga, especially considering the lack of distinct identity among the fishermen in the municipality. It demonstrated the distinction of *pagtitiklad* from other occupations by highlighting its significance and showcasing real-life examples of effort and success.

In general, the researcher aims to propose the exploration of hidden narratives in cultural research within the revolving areas of each community. Additionally, they suggest the implementation of a “Tiklad Festival” as a celebration to promote the preservation of traditions, not only as a livelihood but also as a shared culture from the past to the present.

**Keywords:** narratives, *pagtitiklad*, variations of language, Calabangueño identity, Filipino-centric research

## PANIMULA

May tiyak at kaniya-kaniyang natatanging kultura ang lahat ng lugar at tao saanman siyang dako ng mundo. Ang kultura bilang isang behikulo tungo sa patuloy na pag-unlad ng isang bansa ang isa sa binigyang-diin ng *United Nations Educational, Scientific, and Cultural Organization (UNESCO)* sa kanilang *2030 Agenda for Sustainable Development, 16-17*. Sinasalikop ng 17 agenda ng organisasyon ang pagbibigay-tuon sa pagpapahalaga at pagpapayabong sa iba't ibang kultura sa bawat bansang kasapi. Sa pamamagitan nito, nabuo ang mga layuning *sustainable cities and communities* (mithiin bilang 11) at kapayapaan, katarungan, at matatag na institusyon (mithiin bilang 16) sa higit na pag-aaral sa pangangalaga at pagpapanatili ng kulturang mayroon ang isang bansa, pagpapanatili ng kaayusan, inklusibo, ligtas, at payapa.<sup>1</sup>

Alinsunod sa pagsulong ng programa sa 2013-16 ng *National Commission on Culture and Arts (NCCA)* o Pambansang Komisyon sa

---

<sup>1</sup>United Nations Educational, Scientific, and Cultural Organization. *UNESCO Moving Forward The 2030 Agenda for Sustainable Development*, (2017), 16-17.

Kultura at mga Sining Program Thrusts: Culture and Arts 2013 to 2016 “Culture and Arts as a Pillar of Development,” ay naglalayong paigtingin ang pagiging matatag na bansa sa pamamagitan ng pagtatampok ng kultura at sining ng iba’t ibang lugar sa bansa.

*Sa programa para sa kultural na diplomasiya, pokus ng Komisyon ang paglahok at pagsulong sa mga gawaing lilinang sa kasanayan at kakayahang pansining upang mabago ang pagtingin sa mababang imahen ng mga Filipino sa buong daigdig sa pagsusulong ng intelektuwal at kultural na pagganap ng bansa. Iniaambag ng palitan ng kultura ang pagkakaunawaan sa pagitan ng komunidad at mamamayan. Napapayaman din ng pagpapalitang kultura ang pamumuhay sa pagiging inspirasyon sa pagbubuo ng ekspresyong kultural at pagbibigay ng mga makabagong kaisipan na magpapalawak ng perspektiba.<sup>2</sup>*

Sinasabing nakikilala ang isang komunidad maging ang mamamayan nito ayon sa kulturang taglay nito. Ang kaligirang heograpiko, sosyo-kultural, etnograpiko, at antropolohiko ang mga nagsisilbing matatag na buhay na ebidensiya sa pagpapanatili ng isang mayabong, natatangi, at mayamang kultura.

Isa ang Calabanga sa mga munisipalidad sa Camarines Sur na binubuo ng 48 na barangay. *PhilAtlas.com*, “Calabanga” Kilala ito sa iba-ibang pang-okupasyong kaligiran dahil sa malawak na lokasyon nito sa kalupaan man at/o sa bahaging karagatan. Sa heograpiko at ekonomikong usapin, ang mga produktong agrikultural tulad ng palay, mais, gulay, *root crops*, at marami pang iba ay ilan lamang sa mga yaman ng lugar. Sa kabilang banda nariyan ang mga produktong dagat tulad ng sariwang mga isda, *preserved products* tulad ng daing, tuyo, at iba pang kauri. Sa mga bahaging nagsasama ang tuyo at matubig na lugar (*swampland*) ay nariyan ang mga nipa na ginagawang tiklad ng mga residente bilang isa sa pangunahing pinagkukunan ng kanilang hanapbuhay.<sup>3</sup>

---

<sup>2</sup>National Commission for Culture and Arts. *Major Programs and Projects*, (2015), 1-2.

<sup>3</sup>*philAtlas.com*. Calabanga, Province of Camarines Sur. Philippines, (2022).

Pangunahing pinagkakakitaan ng mga barangay na nasa kanlurang bahagi ng Calabanga ang pagtitiklad kung saan sagana ang nipa na makikita sa mga *swampland* nito. Ang produksiyon ng tiklad sa munisipalidad ay ibinibenta hindi lamang sa buong bisinidad maging sa mga karatig nitong munisipalidad at siyudad tulad ng siyudad Naga. Ang mayorya sa produksiyon ng mga tiklad na ginagamit bilang alternatibong bubong sa kabahayan. Pagdating naman sa pagpapalaki ng produksiyon sa maliit man o malaking midyum, may mga kooperatibang nagbibigay-tulong sa mga maliliit na produksiyon ng pagtitiklad na nakakatulong din sa pagbuo ng mga trabaho sa mga maliliit na namumuhunan sa pagtitiklad. Kasama rin ang munisipalidad sa pagsulong ng pagpapalaganap at pagpapalago ng okupasyon at produksiyon ng pagtitiklad.<sup>4</sup>

Ang pang-okupasyong kaligiran ng mga taga-Calabanga partikular ang pagtitiklad ang isa sa pinakapangunahing paksa ng pananaliksik. Sa pag-uugnay ng pagtuturo at kultura, magsasalikop ang dalawang ito sa tulong ng mga mabubuong awtput na pumapaksa sa pagkakakilanlang Calabangueño tulad ng mga ulat-kultural, naratibong salaysay, leksikograpiya, at potograpiyang maaaring maging ulat-pamahalaan din sa kabuoan.

Ang pag-aaral na ito ang maglulundo sa pagbubukas ng panibagong kaisipang maimamapa sa bayan partikular ang mga danas ng paratiklad. Isa itong preserbasyon ng kultura sa pamamagitan ng pagsasatikik ng mga naratibo sa pagtitiklad at pagbubuo ng baryasyon ng wika ng mga paratiklad bilang tuon ng pag-aaral tungo sa patuloy na paglikha ng pagkakakilanlang Calabangueño.

Ang pag-aaral na ito ay naglayong mailarawan at maisalaysay ang kulturang mayroon sa isang komunidad at makalikha ng panibagong mga konsepto upang magkaroon ng higit na pag-unawa at pagkakakilanlan sa usaping etnograpike at pang-okupasyong baryasyon ng wika tungkol sa pagtitiklad sa mga piling barangay ng Calabanga ayon sa kanilang heograpikong lokasyong magtatagpuan ang mga paratiklad sa taong kasalukuyan (2023). Gamit ang mga

---

<sup>4</sup>*Igucalabanga.com*, (2022)

kolektibong impormasyon, ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagbibigay-larawan at pagsasalaysay sa mga naratibo ng paratiklad at sa pang-okupasyong baryasyon ng wika tungo sa paglikha ng pagkakakilanlang Calabangueño bilang bahagi ng pagpapahalagang kultural na taglay ng isang komunidad.

Nilayong sagutin ng pag-aaral ang sumusunod na tanong.

1. Ano ang mga naratibo kaugnay sa pagtitiklad ng ilang piling Calabangueño?
2. Anong baryasyon ng wika ang mabubuo sa pagtitiklad bilang pang-okupasyong varayti ng mga paratiklad sa Calabanga?
3. Ano ang kultural na pagkakakilanlan ng mga paratiklad sa apat na piling barangay ng munisipalidad ng Calabanga?
4. Paano mababakas ang kultural na pagkakakilanlang Calabangueño sa tulong ng mga naratibong nabuo sa pang-okupasyong kaligiran sa pagtitiklad?

Ginamit sa pag-aaral ang *Ang Narrative Paradigm Theory* ni Walter Fisher (1987) bilang isa sa sanligang teorya. Inilarawan niya ang mga naratibo bilang simbolikong interpretasyon sa aspekto ng mundo na hinulma ng kasaysayan, kultura, at pagkakakilanlan. Sinasabi rin sa teoryang ito na inilarawan ang tao bilang *story telling animal* o tinawag niyang *homo narrans*. Tinawag tayong innate storytellers dahil sa likas sa atin ang pagbabahagi ng iba't ibang kuwento sa ating mga kausap sa pang-araw-araw na pamumuhay. At dahil likas itong nangyayari sa atin, nagkakaroon ng rasyonalisasyong masuri ang kabuoan ng mga kuwentong ating ibinabahagi na tinatawag na *narrative probability* at *narrative fidelity*.

Ang pagkakaroon man o wala ng koneksiyon ng mga kuwento sa iba't ibang kuwentong ibinabahagi ng isang indibidwal sa pinagsasaluhang komunikasyon ay sinasaklaw ng *narrative probability*. Maging ang mga kontradiksiyon sa mga naratibong ibinibigay ay sakop din nito. Samantala, ang pagsasaalang-alang sa katotoohan ng mga

naratibo o ang truth qualities ng isang kuwento tungo sa katiyakan at katotohanan ng mga naratibo ang ang ipinupukol ng *narrative fidelity*.<sup>5</sup>

Sakop din ng pag-aaral ang *Ethnosymbolism* sa aklat nina Leoussi at Grosby bilang teorya ay naglalayong igiit na ang nasyon ay binubuo ng iba't ibang *ethnie* o etnisidad sa halip na isang kabuoang ipinapakahulugang politikal ng isang nasyon-estado. Sa konteksto ng ating kasaysayan, dapat na pinapahalagahan ang iba't ibang pangkat etniko mula sa pinag-ugatang Austronesyanong naisantabi, naisawalang bahala, minaliit at inespektika sa panahon ng kolonyalismo. Sa konteksto ng kultura ng pagtitiklad sa Calabanga, Camarines Sur, ang tradisyon ng pagtitiklad na tumatalunton sa matatandang pamayanan katulad ng Calabanga, Camarines Sur ay palatandaan ng hindi matatawarang kayamanan ng kalinangang-bayan na siyang bahagi ng pagbubuo ng nasyon.<sup>6</sup>

Sinasaklaw ng kultura ng pagtitiklad ang etnisidad, indentidad, pag-uugali, kultura, tradisyon at mga simbolong pumapaloob sa mga paratiklad sa Calabanga. Malinaw na bagama't maaaring may sariling pagkakakilanlan ang mga paratiklad sa Calabanga kaugnay sa hanapbuhay na ito, hindi ito tiwalag sa buhay ng iba pang paratiklad sa iba't ibang dako ng kapuluan. Nangangahulugan itong mahalaga ang mga naratibo ng mga pira-pirasong pag-aaral kaugnay sa mga maliit na kultura sapagkat sa katumbalikan, ito rin ang representasyon sa pagbubuo ng holistikong pagkakakilanlan ng nasyon-estado.

Sinaligan din sa pag-aaral ang *Ethnolinguistic Vitality Theory* nina Giles, Bourhis, at Taylor. Ipinapakita ng teoryang ito ang relasyon ng wika at identidad sa sosyo-sikolohikal na pamamaraan. Isinusulong din sa balangkas ng teorya ang paghubog at pagtukoy sa mga gampanin ng panlipunang baryabol partikular sa *inter-group relations*, kros

---

<sup>5</sup>Claudia Calabressi. *The Narrative Theory: Introduction to Critics, Defenses, and Possible Resolutions*, (2019).

<sup>6</sup>Athena S. Leoussi at Steven Grosby. *Nationalism and Ethnosymbolism: History, Culture, and Ethnicity in the Formation of Nations*, (2007), 1-5.

kultural na komunikasyon, pagkatuto sa ikalawang wika, pagpapanatili sa unang wika, pagtamo, paglipat at pagkawala ng isang wika.<sup>7</sup>

Ayon kina Giles et al., ang istatus, demograpiko, at suportang institusyonal ay mahalagang kombinasyon sa pagpapatatag (*vitality*) ng isang etnolingguwistikong grupo. Dagdag pa, inilahad din na maaaring maklasipika ang katatagan (*vitality*) ng isang etnolingguwistikong grupo na bilang low, medium, at high vitality. Ang mga salik tulad ng pagpapanatili ng kanilang wikang ginagamit at natatanging kultural na gawing pinagsasaluhan ang maglulundo sa patuloy na pagkakaroon ng katatagan (*vitality*) sa isang etnolingguwistikong grupo. Sa pag-aaral tungkol sa baryasyon ng wika ng mga paratitlad, masasabing sa teoryang ito na nakapagtatag at nakakabuo ng isang wika ang partikular na grupo at/o pangkat ayon na rin sa kanilang kultural na identidad maging sa kanilang okupasyong kinakabilangan. Nagkakaroon din ng pagkakaisang unawaan sa mga terminong kanilang ginagamit sa okupasyong pagtititlad.

Kalititibo at etnograpiya ang pangunahing metodolohiyang ginamit sa pag-aaral. Kalititibo ang paraan sa kadahilanang ang mga suliranin ng pag-aaral ay kailangang magkaroon ng detalyado at pangunahing tema sa analisis ng mga datos sa pagbubuo ng pagkakakilanlang Calabangueño mula sa mga datos na nakalap sa mga serye ng pakikipanayam at pagmamapa. Etnograpiya naman dahil nakabatay ito sa pagkalap ng datos sa pamamagitan ng partisipasyon sa komunidad na pinag-aaralan.<sup>8</sup> Pag-aaral din ito sa grupo ng indibidwal sa isang partikular na komunidad na may kulturang pinagsasaluhan tulad ng kultura ng pagtititlad sa munisipalidad ng Calabanga.

*Fieldwork* bilang isa sa mga anyo ng etnograpiya ang isinagawa upang maglikom ng mga impormasyon sa anyong pakikisalamuhang

---

<sup>7</sup>Martin Ehala at Kutlay Yagmur. *Traditional and Innovative Approaches to Etholinguistic Vitality*, 102-104.

<sup>8</sup>Marot Nelmidia Flores. *Pangasinan: Isang Etnokultural na Pagmamapa*, (2020), 1-8.



maaaring pakikipamuhay at pakikilahok sa trabahong ginagawa.<sup>9</sup> Tinukoy ito bilang bahagi ng etnograpiya na ang mananaliksik ay kumukuha ng mga datos sa espesipikong lugar na matatagpuan ang mga kalahok na may mga pinagsasaluhang patern. Ang mga barangay Balatasan, Balongay, Dominorog at San Bernardino (Pagao) ang paglulunduan ng pag-aaral at pagsasagawaan ng nasabing *fieldwork*. Sa pag-aaral na ito ay tumutukoy sa mismong pagpunta, pagbisita, at paglusong ng mananaliksik sa mga lugar kung nasaan ang mismong mga paratiklad ng Calabanga.

Sa pangkalahatan, may walong pamamaraan na itinampok sa pagkuha at pagkalap ng datos ayon kay Reyes.<sup>10</sup> Ngunit ginamit lamang ng mananaliksik ang limang paraang itinampok sapagkat sapat na itong pamamaraan sa pagkalap ng datos upang makakuha ng mga balido at natatanging naratibo at pang-okupasyong baryasong pangwika sa pagtitiklad. Ito ay inaplay sa paraang (1) pakapa-kapa o ang malapitang engkuwentro o pakikisalamuha sa *subject* ng pananaliksik (pagtitiklad, paratiklad); (2) patanong-tanong o ang pag-uusisa ng mga kaswal na impormasyon sa mga *respondent* sa tulong ng isang tulay o taong tagaroon na magpapakilala sa mananaliksik sa mga taong daratnan; (3) pakikipagkuwentuhan o ang kaswal na pakikipag-usap sa mga *respondent* na nagbibigay sa kanila ng pagkakataong makapagsalita sa paraang natural upang mapanatiling bukas at malaya ang mga *respondent* sa pagbabahagi; (4) ginabayang talakayan o ang mga pag-uusap na may gabay sa isang pangkat. Ang mga paksa at magiging daloy ng talakayan sa gabay na ito ay pinagkakasunduan muna ng mananaliksik at kalahok bago tumuloy sa usapan at; (5) padalaw-dalaw sa mga *subject* ng pag-aaral sa mismong barangay na pinagdausan ng pananaliksik. Dahil dito, nagsilbing datos ang kaniyang mga kinuhang pagrerekod sa paraang *audio-visual* tulad ng lugar ng pagtitiklad, ang mga tahanan ng mga mamamayan maging ang *respondent* ng pag-

---

<sup>9</sup>John W. Cresswell. *Educational Research: Planning Conducting, and Evaluating Quantitative and Qualitative Research*, 4th edition (2012).

<sup>10</sup>Alvin Ringgo C. Reyes. *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Filipino*, Diwa Learning Systems: Lungsod Makati, (2016), 172-175.

aaral, at ang mga pangyayari bago, habang, at pagkatapos magtiklad. Kailangang angkinin ng mananaliksik ang kultura ng pangkat na pinag-aaralan niya, kahit pansamantala lamang, upang ganap niyang maintindihan at mapahalagahan ito.

Ito ay sa pamamagitan nang nagsagawa ng pakikipanayam ang pananaliksik sa walong paratiklad sa mga piling barangay sa munisipalidad ng Calabanga. Ang pagtuloy ng ilang oras sa kanilang tahanan, pakikisalamuha sa kanilang mga gawi-gawi lalo na ang pagtitiklad na ginagawa rin nila sa loob mismo ng kanilang tahanan. Sa mga narekord na pakikipanayam ay kitang-kita ang pagtuloy ng mananaliksik sa mga tahanan ng mga paratiklad na kinapanayam. Ang mga nabanggit ang magiging pinakagawain sa pagkuha ng mga datos. Mga naratibo tulad ng mga oral na salaysay, rekord sa pakikipanayam, datos sa iba-ibang ahensiyang munisipal tungo sa lokal ang mga kukuning datos sa pag-aaral. Ibabatay ito sa pagkalap ng datos sa tulong ng mga paraang pakikipanayam at *focused group discussion* upang mas makita sa balidong pamamaraan sa mga paratiklad. Magsisilbing lokal ng pag-aaral ang mga piling barangay sa munisipalidad ng Calabanga na malapit sa mga *swampland* kung saan maraming mga paratiklad ang nakatira tulad ng Balatasan Balongay, Dominorog, at, San Bernardino (Pagao).

Ang pagpunta sa larang o *fieldwork* ang pinakamahalagang pangangailangan sa isang etnograpihong pananaliksik ayon pa rin kay Flores.<sup>11</sup> Sa pagsasagawa ng pagmamapa bilang bahagi ng etnograpiya, may dalawang hakbang ang pagkalap ng datos sa nasabing pag-aaral. Inisa-isa sa mga hakbang na ito kung paano makukuha ang mga kakailanganing datos na ginamit na pamamaraan sa pagsusuri.

Ang unang hakbang ay ang pagsangguni sa mapagkukunan ng mga preliminaryong datos. Kasama rito ang pagsulat ng liham sa sa mga punong barangay ng apat na piling barangay. Humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa pagsasagawa ng kaniyang *fieldwork* at pagmamapa bilang pangunahing paraan ng pangangalap ng datos.

---

<sup>11</sup>Marot Nelmidia Flores. Pangasinan: *Isang Etnokultural na Pagmamapa*, (2020), 5-19.

Nagkaroon din ng kontrata sa tulong ng ibinigay na *memorandum of agreement* sa pagitan ng punong barangay ang pinamumunuang barangay at ang mananaliksik.

Ang ikalawang hakbang ay ang pagsagawa ng *fieldwork* sa paraang pakapa-kapa, patanong-tanong, pakikipagkuwentuhan, ginabayang talakayan, at padalaw-dalaw (Reyes, 172-175) sa pamamagitan ng aktuwal na pakikisalamuha at pakikipagpanayam sa piling *respondent* sa kanilang wika at karanasan sa pagiging paratiklad. Nahahati ito sa tatlong bahagi:

Fieldwork	Gawain	Mga Kagamitan	Inaasahang Awtpout
Fieldwork 1	<p>1. Pagkapa-kapa sa mga piling barangay (Balatasan, Balongay, Dominorog, at San Bernardino (Pagao) na saklaw ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagpunta sa mga nasabing barangay sa tulong ng punong barangay na nagsilbing partner sa pagsasagawa ng serye ng pakikipanayam at focus group discussion. Isasagawa na rin ang pagpapaliwanag at pagpapalagda ng kasunduan sa pagitan ng mananaliksik at punong barangay ng nasabing komunidad sa pamamagitan ng isang memorandum of agreement (MOA). Titiyakin din ng mananaliksik na susunod pa rin sa minimum health and safety standards ng Inter-Agency Task Force (IATF) gayong nasa pandemya ang buong bansa.</p>	Mga kagamitan sa pag-video at pagrekord sa kanilang komunidad. (video camera, cellphone)	Mairekord ang aktuwal na kalagayan ng komunidad na pagsasagawaan sa pagkakalap ng datos.
	<p>2. Pagtatanong-tanong sa piling mga respondent ng pag-aaral tungkol sa kanilang personal na impormasyong maaaring mayroon at wala pang kinalaman sa mga suliranin ng pag-aaral. Kakapalagaying-loob ang mga respondent nang sa gayon ay maging natural sa kanila ang mga mangyayaring serye ng pakikipanayam at FGD. Titiyakin din ng mananaliksik na susunod pa rin sa minimum health and safety standards ng Inter-Agency Task Force (IATF) gayong nasa pandemya ang buong bansa.</p>	Mga kagamitan sa pagvideo at pagrekord sa kanilang komunidad. (video camera, cellphone)	Mairekord ang aktuwal na kalagayan ng komunidad na pagsasagawaan sa pagkakalap ng datos.

Fieldwork	Gawain	Mga Kagamitan	Inaasahang Awrput
Fieldwork 1	<p>3. Pakikipagkuwentuhan sa piling respondent ng pag-aaral. Dito na magsisimula ang pagtatanong tungkol sa kanilang mga karanasan sa pagtitiklad. Hahayaang magsalaysay ang mga respondent tungkol sa kanilang mga pinagdaanan, mga kuwentong paratiklad at pagtitiklad. Ang mga ito ay irekord at naka-video bilang dokumentasyon at pagpapanatili ng mga balidong datos. Titiyakin din ng mananaliksik na susunod pa rin sa minimum health and safety standards ng Inter-Agency Task Force (IATF) gayong nasa pandemya ang buong bansa.</p>	<p>Mga kagamitan sa pagvideo at pagrekord sa kanilang komunidad. (video camera, cellphone)</p>	<p>Mairekord ang aktuwal na kalagayan ng komunidad na pagsasagawaan sa pagkakalap ng datos.</p> <p>Makalikom ng mga rekorder na usapang hinggil sa mga naratibo ng mga paratiklad. Mga ibinahaging karansan tungkol sa kanilang okupasyon at maging ang buhay ng isang paratiklad.</p>

Fieldwork	Gawain	Mga Kagamitan	Inaasahang Awtpout
<p>Fieldwork 2</p>	<p><b>4.1.</b> Mas masusing pagtatanong-sagot sa pamamagitan ng ginabayang talakayan. Sa tulong ng mga nakahandang tanong sa walong respondent, tutukuyin ng mananaliksik ang mga eksklusibong salita na ginagamit sa kanilang okupasyong pagtitiklad. Papasok na rito ang pagtukoy sa pang-okupasyong varayti ng wika. Ang nasabing talakayan ay dadaluhan ng mga respondent na kasama sa Fieldwork 1. Naka-video pa rin ang buong daloy ng talakayan nang may kumpidensiyalidad sa pagtiyak, pagtalima, at paggalang sa kanilang mga sasabihin at magiging mga gawi bago, habang, at pagkatapos ng talakayan. Titiyaking muli ng mananaliksik na susunod pa rin sa minimum health and safety standards ng Inter-Agency Task Force (IATF) gayong nasa pandemya ang buong bansa. Sa pagpapatuloy, ginabayang talakayan pa rin na pag-uusapan ang kultural na pagkakatukulan ng mga paratiklad sa apat na piling barangay na saklaw ng pag-aaral. Pagsasama-samahin muli ang mga respondent upang tumugon sa talakayang gagawin kasama ang mananaliksik. Rekordado pa rin ang talakayan upang maaaring balikan ng mananaliksik sa pagsusuri ng datos at muling marebyu sa analisis. Gamit din ang set ng mga gabay na tanong, susubukin itong tugonan ng mga respondent upang makabuo ng mga impormasyong kakailanganin para suriin ang mga datos. Titiyaking muli ng mananaliksik na susunod pa rin sa minimum health and safety standards ng Inter-Agency Task Force (IATF) gayong nasa pandemya ang buong bansa.</p>	<p>Set ng balidong mga tanong na gagamitin sa ginabayang talakayan (FGD guide)</p> <p>Mga kagamitan sa pagvideo at pagrekord sa kanilang komunidad. (video camera, cellphone)</p>	<p>Makailikom ng mga rekordado na talakayan na pagdudukulan ng mga impormasyon tungo sa pagkalap at pagbuo ng pang-okupasyong varayti ng wika sa pagtitiklad.</p> <p>Makailikom ng mga rekordado na talakayan na pagdudukulan ng mga impormasyon tungo sa pagkalap at pagbuo ng kultural na pagkakatukulan ng mga paratiklad sa Calabanga.</p>

Fieldwork	Gawain	Mga Kagamitan	Inaasahang Awtpout
Fieldwork 3	<p>5. Pagsasagawa ng pagdalaw-dalaw at pakikisama sa mga respondent ng pag-aaral. Tutungo ang mananaliksik sa apat na barangay (Balatasan, Balongay, Dominorog, at San Bernardino (Pagao) sa loob ng tig-iisang linggo upang mas mapag-aralan at makasalamuha ang mga respondent tungo sa mas danas, kontekstuwalisado, at balidong pagmamapa sa komunidad. Muling irekord ang mga serye ng interbyu na may mga gabay na tanong na may koneksiyon sa mga naratibo sa pagtitiklad at pang-okupasyong varayti ng wika sa pagtitiklad para sa mga respondent na tungo sa kultural na pagkakakilanlan ng mga paratiklad. Titiyaking muli ng mananaliksik na susunod pa rin sa minimum health and safety standards ng Inter-Agency Task Force (IATF) gayong nasa pandemya ang buong bansa.</p>	<p>Set ng balidong mga tanong na gagamitin sa interbyu</p> <p>Mga kagamitan sa pagvideo at pagrekord sa kanilang komunidad. (video camera, cellphone)</p>	<p>Makalikom ng mga rekord na talakayan na pagdudukalan ng mga tema tungo sa pagkalap at pagbuo ng kultural na pagkakakilanlan ng mga paratiklad sa Calabanga.</p>

Cinamit ng mananaliksik ang pagmamapa bilang pangunahing paghahangian at pagkukunan ng mga datos. Ang pagmamapa sa pagkalap ng datos sa pamamagitan ng sariling partisipasyon sa komunidad na pinag-aaralan.<sup>12</sup> Imamapa ang mga naratibo sa pagtitiklad ng mga paratiklad sa piling barangay sa Calabanga, Camarines Sur. Interbyu o pakikipanayam sa paraang pakapa-kapa, patanong-tanong, pakikipagkuwentuhan, ginabayang talakayan at padalaw-dalaw ang pangunahing instrumento sa paglikom sa mga naratibo ng mga paratiklad. Ito ang pagtugon ng mga *respondent* sa bawat tanong na ibabato ng mananaliksik sa kaniyang isasagawang

<sup>12</sup>Marot Nelimida Flores. *Pangasinan: Isang Etnokultural na Pagmamapa*, (2020), 6-18.

pagmamapa. Isinagawa ang interbyu upang maglikom, magtipon, at magkalap ng mga impormasyon sa anyong pasalita at pasulat.

Maaaring magsimula sa pagtatanong at paghihingi ng tugon ukol sa nais matamo ng mananaliksik. Gagamiting instrumento sa pag-aaral upang makuha ang mga naratibo sa pagtitiklad ng mga paratiklad sa Calabanga. Sa pag-aaral na ito ay tumutukoy sa tanong at sagot na ibabato at ibibigay ng mananaliksik sa mga paratiklad ng Calabanga, Camarines Sur na dumadaan sa balidasyon ng mga eksperto sa disiplina. Sa pagbubuo ng mga tanong para sa interbyu, sasangguni ang mananaliksik sa mga eksperto sa disiplina pagdating sa pagbubuo ng mga tanong upang matiyak ang kalidad at balido itong itanong sa mga *respondent*. Pagkatapos ng mga balidasyon ay gagamitin na ito ng mananaliksik bilang pangunahing instrumento sa isasagawang pag-aaral.

Sapagbubuon ng mga baryasyong pangwikasapang-okupasyong varayti, *focused group discussion* ang paraan ng mananaliksik sa pagkalap ng mga datos sa kaniyang pag-aaral. Sa pagbubuo ng mga tanong may kaugnayan sa mga pang-okupasyong varayti ng wika na ginagamit ng mga paratiklad, sasangguni muli ang mananaliksik sa mga eksperto sa disiplina nang sa gayon ay matiyak na akma at lapat ang tanong na ibibigay sa mga *respondent*. Pagkatapos dumaan sa serye ng balidasyon, maaari na itong ibigay sa mga *respondent* ng pag-aaral. Pokus ng mga tanong ang tungkol sa mga eksklusibong wikang ginagamit sa pagtitiklad.

Sa pagtukoy sa pagkakakilanlan ng mga paratiklad sa Calabanga, Camarines Sur, ginamit pa rin ang *focused group discussion* sa paglilikom ng mga kaukulang datos. Tumutukoy ito sa obhetibong pagtitipon ng mga *respondent* ng pag-aaral na may layuning pag-isahin at tukuyin ang pinakatema ng isang partikular na paksang pinag-uusapan.<sup>13</sup> Sa pagsasama-sama ng mga piling paratiklad sa Calabanga at sa tulong ng paraang ito, mabubuo ang mga inilarawan at isinalaysay na mga naratibo at baryasyon ng wika hanggang sa makuha ang

---

<sup>13</sup>Richard A. Krueger. *Focus Groups: A Practical Guide for Applied Research*, 2nd edition, (Thousand Oaks CA: Sage 1994).



pinakatema sa pagbubuo ng pagkakakilanlang Calabagueño. Sa pag-aaral na ito ay tumutukoy sa talakayang panggrupo ng walong paratiklad na pinili o pipiliin batay sa *purposive random sampling* na metodong na isasagawa ng mananaliksik bilang mismong tagapagpadaloy o *moderator*. Sa pagsasagawa nito, kailangan muling bumuo ng mga tanong na ibibigay sa walong *respondent* mula sa mga piling barangay ng Calabanga na kasangkot sa pag-aaral tulad ng barangay Balatasan, Balongay, Dominorog at San Bernardino (Pagao). Ang mga tanong para sa *focused group discussion* ay muling bubuoin sa tulong ng mga eksperto sa disiplina upang muling matiyak ang nilalaman at maging balidong mga tanong na akma para sa *FGD*. Pokus ng mga tanong para sa isasagawang *FGD* ay tungkol sa mga paglalarawan at pagsasalaysay ng mga paratiklad sa kanilang mga gawaing pagtitiklad na maiuugnay rin sa kanilang mga naratibo. Irerekord ang mangyayaring *FGD* ng mananaliksik sa paraang *audio-visual* bilang patunay na isinagawa ito nang maayos at may konsiderasyon. Ihihingi muna ng pahintulot ang pagrerekord sa magiging daloy ng usapan at talakayan sa *FGD* upang batid ito ng mga kasangkot sa pag-aaral.

## Mga Naratibong Kaugnay sa Pagtitiklad

### A. Ang Pagtitiklad Bilang Pinagsaluhang Kultura

*“An pagtitiklad kaya iyo an hanapbuhay sa Balongay. Iyo ini an pinagbubuhay ko sa pamilya ko.”*

(“Ang pagtitiklad kaya ang hanapbuhay sa Balongay. Ito ang ikinabubuhay ko sa aking pamilya”)

*“Digdi na kami nagdakula, pagtiklad talaga an kinabubuhay mi. Minsan mapagalon man.”*

(“Dito na kami namulat, pagtiklad talaga ang ikinakabuhay namin. Minsan nakakapagod”)

*“Libangan baga an pagtitiklad.”*

(“Libangan ang pagtitiklad”)

*“Kinamulatan ko na an pagtiklad.”*

(“Kinamulatan ko na ang pagtitiklad”)

*“Mapagal talaga an pagtiklad...”*

(“Nakakapagod talaga ang pagtitiklad”)

*“Sakripisyohan ini kun siring.”*

(“Sakripisyo ito kung gayon”)

*“Mapagalon siyempre ta iyo an hanapbuhay, pagtitiyagaan po.”*

(“Nakakapagod ito siyempre dahil ito ang hanapbuhay, pagtitiyagaan po.”)

*“Iyo na an namulatan ming trabaho digdi sa barangay mi kaya ini na an ipinapadagos mi na may pamilya na kami.”*

(Iyan na ang kinamulang trabaho rito sa aming barangay kaya ito na ang ipinagpapatuloy namin kahit may pamilya na kami”)

*“Marhay man an pagtitiklad Nakakatabang sa pagbuhay.”*

(“Masaya naman ang pagtitiklad. Nakakatulong sa pang-araw-araw.”)

*“Nalilibang-libang man sa buhay. Magpatandan ka lang sa pagtiklad, may income ka na pagkahapon.”*

(“Nalilibang-libang naman sa buhay. Magpabayad ka lamang sa pagtitiklad, may income ka na pagkatapos.”)

*“Nakukua mi po an pang-aroaldaw Iyan po ang pagtitiklad. Dae mo masabing basta lang.”*

(“Nakukuha po naming ang pang-araw-araw. Iyan po ang pagtitiklad. Hindi mo puwede sabihing basta lamang”)

Sa mga ibinahaging diyalogo sa interbyu, mahihinuhang, bahagi na ng mga mamamayan sa apat na piling barangay sa Calabanga (Balatasan, Balongay, Dominorog, at San Bernardino) ang pagtitiklad. Binigyan nila ito ng sariling pagpapakahulugan ayon sa kanilang danas sa halos mahigit 20 taon sa trabahong ito. Sari-saring pagpapakahulugan na sinasabing kinamulatan na nila ang pagtitiklad. Makikita sa mga sinabi na hindi talaga biro ang trabahong ito. Sakripisyo ang higit na namumutawi sa kanilang trabahong pagtitiklad.

Hindi madali ang pagtitiklad bagaman kinamulatan na nila ito. Simula sa pagkuha sa mga *raw materials* hanggang sa mismong paraan ng paglikha ng pangunahing produkto ay kailangan ng higit na sakripisyo sa araw-araw lalo na kapag panahon ng pagtitiklad.

Ngunit hindi sa lahat ng pagkakataon ay pagod ang nabubuo ng trabahong ito. Libangan din kung maituturing ang pagtitiklad. Anila, nawawala ang kanilang mga dalang problema, iniisip, at pasanin sa buhay sa tuwing sila ay nagtitiklad. Nagsisilbi rin itong tugon sa pang-araw-araw nilang pangangailangan sa oras na makagawa sila ng maraming tiklad at maibenta ito maging mabayaran ang kanilang pinagtrabahuhan.

May dalawang mukha ng paratiklad ang mayroon sa apat na barangay. Una, ang mga nagpapatiklad na sila mismo ay may malawak na nipaang nagpapagawa ng mga tiklad na nakuha mismo sa kanilang taniman at ang nagtitiklad o ang karamihan sa mga barangay na nagsisilbing tagagawa ng mga tiklad na galing sa nipaang kanilang pinagkunan. Depende sa *season* o panahon ang bigayan sa mga paratiklad. May pagkakataong 50/50 o limampung porsyento sa pagitan ng paratiklad at ang kalahati ay sa pinagtikladan.

Mapapatunayan ito sa pahayag ni ni Cabeza <sup>14</sup>ang na halaga ng kultura bilang pagbibigay-katuturan sa identidad ng isang natatanging lugar, paggamit ng mga sariling resorses, pagsasangkot sa komunidad bilang buhay na kayamanan at mga tradisyon ng lugar, at preserbasyon tungo sa pagpapanatili ng mayamang kultura. Bagamat mahirap ang trabahong ito ay ipinagpapatuloy pa rin nila ang kultura ng pagtitiklad. Sa mismong lugar na kanilang kinakalagayan, nariyan ang mga buhay na kasangkapan sa paggawa ng tiklad. Sa paglipas ng maraming panahon, nariyan pa rin ang pagpapatuloy at paglinang ng kultura na hanggang sa kasalukuyan ay sa kanilang komunidad ay patuloy na umiigpaw.

---

<sup>14</sup>Sonia Moreira Cabeza. *Cultural Mapping: A Sustainable. Methodology for Intangible Cultural Heritage*, (2018), 2-5.

## B. Ang Pamilya at Paligid Bilang Unang Tagapagmulat sa Pagtitiklad

Simula sa pagsilang ay bahagi na ng kanilang pang-araw-araw na pakikitungo sa lipunan ang trabahong ito. Sa kanilang pamilya mismo nagsimula ang pagkahilig, pagkahantad, at pagkasangkot sa pagtitiklad. Sinabi rin nila mismo na sa kanilang obserbasyon sa paligid na pagtitiklad ang kinakaabalahan sa usapin ng hanapbuhay. Ang mga magulang mismo ang kanilang nagiging inspirasyon, salukan, at bukal ng pagkamulat sa kung ano ang mayroon sa gawaing pagtitiklad. Marami ring pagkakataong natututo sila ng pagtitiklad sa simpleng paghawak ng mga kasangkapan sa pagtitiklad na nakikita nila sa paligid na kanilang kinakasangkutan na maaaring sa loob at labas ng tahanan hanggang sa makuha na nila itong ikabit-kabit tungo na rin sa pagkakabuo ng tiklad na pangunahing produkto.

Makikita ring matuto ng gawaing ito sa simpleng panonood sa mga taong gumagawa nito (marahil magulang at ibang nasa kanilang lugar) at pasubok-subok. Ibig sabihin, nagsimula ito mismo sa loob ng tahanan na hanggang sa paglabas sa komunidad ay ang mamamayan ang may pinagsasaluhang hanapbuhay, ang pagtitiklad. May pagkakataon ding nagiging bahagi ito ng rotinaryong gawain ng isang mag-anak sa oras na matuto nang magtiklad ang miyembro ng kanilang pamilya sa paraang kailangan may magawa kang tiklad sa isang araw nang bukal sa loob. Kung tatayahin, hindi sapilitan ang gawaing ito sapagkat sila mismo ay nagkukusang gumawa nito.

*“Nahihiling mi man duman sa mga tugang kong nagtitiklad.”*

(“Nakikita din naming doon sa mga kapatud kong nagtitiklad.”)

*“Nag-adal-adal na kami kaiyan.”*

(“Pinag-aaralan na namin iyan”)

*“Hinihiling mi hastang nakakanood na kami”*

(“Tinitingnan namin hanggang natututo na kami”)

*“Sige-sige lang basta makanood ka.”*

(“Sige lang nang sige hanggang sa matuto ka”)

*“Nagtukdo kani sakuya mga tagadigdi man lang.”*  
(“Ang nagturo sa akin nito ay mga tagarito din lamang”)

*“Sa pag-adal-adal iyo na an hanapbuhay mi sagkod ngunyan.”*  
(“Sa pag-aaral naming nito, ito na ang hanapbuhay naming hanggang ngayon.”)

May pagkakataon ding sila mismo ang nakakatuklas ng paraan sa paggawa ng tiklad sa pamamagitan ng pagtingin-tingin, pagsubok sa paggawa, hanggang sa maperpekto nila ito ayon sa kalidad na kanilang ibinebenta o dili kaya’y magamit sa kanilang personal na pangangailangan. Makikita ring nariyan ang konsepto ng pagpapaspasa ng nakasanayan at nakagawiang trabahong pagtitiklad.

Sinasabi ring nariyan ang puwersang pisikal sa gawaing pagtitiklad kung kaya may mga nagsasabi ring tunay itong nakakapagod sa mga paratiklad. Sa simula pa lamang sa pagkuha ng nipa, pagputol ng mga bahagi nito hanggang sa makuha ang mga dahon maging ang pantahing mulang sa mismong tangkay hanggang sa pagtatahi nito sa tulong ng kawayang magsisilbing beys nito upang mapagsama-sama ang mga ito hanggang sa makabuo ng isang matibay at de-kalidad na tiklad. Maraming proseso ang dumadaan bago pa lamang makabuo ng isang tiklad na kanilang ibinebenta sa oras na matapos ang nakatakdang bilang.

### C. Ang apat na barangay bilang lunduan ng Pagtitiklad sa Calabanga

*“Digdi sa Balatasan. Dinakulaan ko na digdi.”*  
(“Dito sa Balatasan. Kinalakihan ko na rito.”)

*“Sa Dominorog ta dati po kaming taga-Dominatorog.”*  
(“Sa Dominorog dahil dati po kaming nakatira sa Dominorog.”)

*“Digdi mismo sa Balongay.”*  
(“Dito mismo sa Balongay”)

*“Digdi na sa Balongay. Sa harong mi.”*  
(“Dito na sa Balongay. Sa aming bahay.”)

*“Diyan po sa laog kan Dominorog May nipaang po diyan tapos nagpapatarandan pagtiklad.”*

*(“Diyan po sa loob ng Dominorog. May nipaang po riyang at nagpapabayad kami sa pagtiklad.”)*

*Gikan sa magurang mi sa Balongay.*

*(“Galing sa magulang naming sa Balongay.”)*

*Digdi po mismo sa barangay.*

*(“Dito po mismo sa barangay.”)*

*Digdi po sa San Bernardino, Calabanga, Camarines Sur.*

*(“Dito po sa San Bernardino, Calabanga, Camarines Sur.”)*

Konektado ang apat na piling barangay na lunan ng pag-aaral sa bawat isa sa usaping pagtiklad at paratiklad. Sa heoragpikong usapin, kitang-kita na magkakalapit lamang ito at kapansin-pansin din ang pagkakaroon ng malawak na nipaang sa bawat barangay. Sa mga payahag din ng mga nakapanayam, mahihinuhang may ilan sa kanila ang hindi mismo unang nakatira sa kanilang barangay na kinakabilangan sa kasalukuyan. Ngunit, makikita ring sa barangay na kanilang pinagmulan ay kabilang ito sa mga barangay na tiklad at pagtiklad ang pangunahing gawain sa usaping hanapbuhay. Ibig sabihin, ang kanilang karanasan at kasanayan sa pagtiklad sa murang edad sa pinagmulang barangay ay bunga rin ng lokasyong kinakapalooban. Karagdagan, ang kanilang mga pinagmulan ay ang mga barangay na may malaking pinagsasaluhan sa usapin ng produksiyon ng tiklad sa Calabanga. Sila rin mismo ang mga buhay na patunay na umiikot-ikot lamang sila sa mga barangay na lunan ng pagtiklad at dito nila nabatid kung ano ang mayroon sa pagtiklad bilang pangunahing hanapbuhay. Sa kanilang barangay nila mismo sila natuto at ibinahagi ang pagtiklad bilang pamana ng kanilang komunidad, mga magulang, at maging ng kapaligirang kinakabilangan. Ayon nga kay Malanyaon, pangunahing hanapbuhay ng mga taga-Balatasan, Balongay, Dominorog, at San Bernardino ang pagtiklad dahil na mismo sa kanilang lugar may

malawak na mga puno ng nipa bilang pangunahing kasangkapan sa paggawa ng tiklad.<sup>15</sup>

## Baryasyon ng Wika sa Pagtitiklad

Sa bahaging ito ay nakalatag ang naging resulta ng isinagawang *focused group discussion*. Napakinggan, nahinuha, at nabuo ang mga pang-okupasyong varayti ng wika sa pagtitiklad. Kinapanayam ang 6 na *respondent* tungkol sa mga eksklusibong salita na ginagamit sa kanilang trabahong pagtitiklad. Ang mga salitang nakalap ay may katumbas na depinisyon ayon sa gamit at paraan ng pagsasalita nito ayon mismo sa kanilang gawaing pagtitiklad. Sa pahayag ni Abiera na bawat grupo ayon sa kanilang propesyon, larang ay maaaring magkaroon at makabuo ng rehistro ng wika. Ibinabatay ito ayon sa kultura at lipunang mayroon ang isang komunidad.<sup>16</sup> Sa kaniyang pag-aaral, napatunayang nagkakaroon ng pagbubuo ng mga varayti ng wika sa isang espesipikong larang na kinsasangkutan kagaya ng wika sa pagbabalita (limbag man o brodkast) at ulat panahon. Ang pang-okupasyong varayti ng pagtitiklad ang magsisilbing patunay na may eksklusibong wika ang bawat trabaho. Nagagawang makalikha ng mga varayti upang magamit sa trabaho o grupo na kanilang kinakabilangan. Ang pagtitiklad bilang pangunahing hanguan ng pang-okupasyong varayti ay nabibilang sa isang kulturang mayroon ang munisipalidad. Ipapakita sa talahanayan ang mga salitang pang-okupasyong varayti ng wika sa pagtitiklad.

---

<sup>15</sup>Jaime T. Malanyaon. *Calabanga*, AMS Press, Naga City, (1991), 1-2, 4-6, 27-28, 57-58.

<sup>16</sup>Jovy M. Peregrino et. al. *Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Filipino*. Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinaas, (2012), 22-23.

Salita sa Pagtitiklad	Kahulugan
Bala	Mga piraso ng kawayang pinutol Galing sa Kawayan na nagsisilbing pansuporta sa dahon ng nipa. Hindi ito magiging tiklad kung walang kawayang magiging suporta nito
Baroto	Sasakyang pantubig na pinagdadalhan ng mga sinagasang nipang nakabigkis. Kung ang nipaan ay nasa karatig na bahagi ng ilog ay ginagamit ang sasakyang ito bilang transportasyon sa mga kasangkapan sa pagtitiklad.
Bungang-nipa	Bunga ng nipa na maaaring gawing produkto pangkusina tulad ng suka at minatamis
Epektos	Sosyolek sa mga paratiklad na ginagamit bilang katawagan sa pampalit ng kanilang produktong tiklad sa ibang produktong magagamit nila sa pang-araw-araw halimbawa ay asukal, kape, <i>noodles</i> atbp.
Kamada	Pinatong-patong na tiklad ayon sa tirso nito. Ang isang kamada ay inaabot ng 1000 tiklad
Kutsilyo/pangnawi	Kasangkapang ginagamit sa paggawa ng palatpat
Lupnis	Pinagtanggalan ng nipa na maaari pang gamitin sa paggawa ng <i>basket</i>
Lutohon	Paraan sa pagbuhat ng tiklad patungo sa mga pinagbibilhan at/o malaking tagakuha nito sa merkado na nakapatong ang tiklad sa ulo.
Nipa	<i>Raw material</i> na pinaggagawaan ng nipa. May pagkakatulad sa dahon ng niyog ngunit nabubuhay ito sa mga swampland na naghahalo ang tubig tabang at alat mulang sa mayamang kanipaan
Pagsagasa	Paghiwalay ng dahon sa kabuoan nito upang gawing pangunahing kasangkapan sa pagtitiklad
Pagtitiklad	Isang gawaing pangkabuhayan ng mga mamamayang may mga tiklad na mapagkukunan. Maaaring gawing sa loob lamang ng tahanan sa tulong ng mga kasangkapang mula rin mismo sa nipa tulad ng palatpat/nawi, dahon ng nipa



Salita sa Pagtitiklad	Kahulugan
Pagtukbas	Paraan sa pagputol ng nipa mula sa puno nito. Sa oras na nasa tamang edad na ang nipa ayon sa kahingian ng isang tiklad ay isasagawa na ito sa mga lugar na may malawak na nipaan.
Palapa	Tawag sa buong nipang pinutol mula. Matuturing ding hilaw na sangkap ng tiklad.
Palatpat/Nawi	Mulang sa likod ng palapa ng tiklad. Ito ang nagsisilbing pantahi ng tiklad na magkokonekta sa kawayang suportang at sa dahoon ng nipa.
Parapatandan	Tawag sa magpapabayad sa trabahong pagtitiklad. Sila ang mga walang sariling tiklad at tukbasan. Depende sa presyo ng tiklad ang magiging usapan sa pagbabayad ng serbisyo
Paratiklad	Mga taong pumapaloob sa hanapbuhay na pagtitiklad. Sila ay maaaring maihanay sa ilang grupo. Una, ang paratiklad na may ari ng mga tukbasan o taniman ng tiklad. Ikalawa, ang mga paratiklad na walang sariling tukbasan ngunit nag-aabot ng serbisyo sa unang uri ng paratiklad. Ikatlo, ang mga paratiklad na nagtitipon ng mga tiklad mula sa mga maliliit ng paratiklad upang ibenta nang maramihan sa mercado o sa mga dayong negosyante pumupunta mismo sa kanilang barangay.
Sangat	Paraan sa tamang paglalagay ng nipa sa bala upang maikonekta ito nang maayos at matibay.
Sundang	Ginagamit sa pagpuputol ng mga nipa at mga kawayang gagawing bala.
Tiklad	Isang produktong pantahanan na gawa sa nipa. Ginagawang pambubong ng mga residente sa kanilang tahanan. Maaari ding gawing lanob sa kanilang mga bahay bilang alternatibo sa kongkretong lanob. Ayon sa mga nakapanayam, ginagawa ring pamapausok sa pamamagitan ng pagsusunog ng nito sa mga manggahan sa ibang lugar.

Salita sa Pagtitiklad	Kahulugan
Tipay	Pagtitipon ng mga tiklad ayon sa bilang nito.
Tirso	Tawag sa isang kumpol ng tiklad na binubuo ng 25 piraso.
Tukbasan	Lugar kung saan maraming nipang makikita. Dito kinukuha ang mga nipang natukbas at nasagasa na.

Sa mga salitang ibinigay, iginiit din ng mga *respondent* na iisa ang kanilang pagpapakahulugan dito. Sinabi rin ng lahat na sila ay nagkakasundo-sundo sa mga salitang ito. Makikita ang mahihinuhang nariyan ang baryasyon ng wika sa pagtitiklad na pumapaloob sa pang-okupasyong varayti. Ang dalawampu't dalawang salita maging ang kahulugan nito ay patunay lamang na nabubuo ang kanilang sariling wika sa kanila mismong antas ng pamumuhay sa usapin ng pinagkakakitaan.

Ang ipinakitang mga salita at kahulugan ay nagpapakita ng pagiging katangi-tangi ng trabahong pagtitiklad. Sa nabuong pang-okupasyong baryasyon ng wika. Sinang-ayunan din ito sa paglalahad nina Pantorilla, De Lara, at Ijan na itinampok ang wika bilang identidad ng mga nagsasalita nito.<sup>17</sup> Sa pamamagitan ng pakikipag-usap, nagagawang maipakilala ang ating sarili ayon sa ating kasarian, pinagmulang lugar, sosyo-ekonomikong katayuan, edad, at ang lipunang ating kinagisnan. Sa mga salik na ito, makikitang may malaking kinalaman sa paglikha ng paglalarawan ng kanilang wika sa kanilang larang na kinakasangkutanang matutukoy ang mga pagkakaiba-iba ayon sa mga kolektibong opinyon sa aspektong sosyal at politikal.

Ang mga paratiklad ay hindi rin nalalayo sa mga magsasaka sa usaping lakas-paggawa. Halos magkapatid ito sa kadahilanang may isang produkto silang nailuluwal pagkatapos ng mahabang pagtratrabaho. Ang mga wika ng paratiklad ang magiging patunay na sila mismo ay may sariling identidad. Maging ang kanilang lugar na kinakatayuan ay makikilala rin ayon sa kanilang trabaho. Sa Calabanga,

<sup>17</sup>Jovy M. Peregrino et. al. *Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Filipino*. Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas, (2012), 279-290

tanging ang mga barangay ng Balatasan, Balongay, Dominorog, at San Bernardino (Pagao) ang mga kilala sa usaping pagtitiklad. Ang baryasyong pangwikang mabubuo ay mag-uugnay na iba-ibang gawaing agrikultural ng iba-ibang lugar sa bansa.

Gamit ang wika, naipahayag ang nabuo nilang karunungan, kaugalian, pagpapahalaga, hanapbuhay, at iba pang kaangkinang panlipunan tungo sa paglikha ng *cultural lexicography* sa tulong ng kultura at industriya. Sa nakalap na mga salita, ipinakitang may sariling wika sa usaping pang-okupasyong varayti ang mga paratiklad sa Calabanga.

Ang napagkasunduang salita ang nagpapakita ng pagiging isa ng apat na barangay sa trabahong pagtitiklad. Maihahanay ring sa kultural ang pang-okupasyong varayti ng wika sa pagtitiklad ang maglulundo rin sa pag-aaral tungo sa paglikha ng pagkakakilanlang Calabangueño. Sa tulong ng pag-aaral sa pang-okupasyong varayti na eksklusibo lamang sa kanilang trabaho ay mabubuo ang mga baryasyong ng wikang pumapaloob dito na siyang titipunin sa paglikha ng pang-okupasyong varayti sa pagtitiklad.

## Kultural na Pagkakakilanlan ng mga Paratiklad sa Apat na Piling Barangay ng Munisipalidad ng Calabanga

### A. Ang Paniniwala bilang Kasangkapan sa Pagtitiklad ng mga taga-Calabanga

*“Bago kami mapoon, mapanguros na.”*

(“Bago kami magsisimula, magsa-sign of the cross muna.”)

*“Bago matukbas, mapanguros ta kun mataga ka.”*

(“Bago magtukbas, magsa-sign of the cross para iwas desgrasya.”)

*“Kumbaga Sir, pasasalamat”*

*“Diyan pati Sir, matakot man ta kun may halas... Harayo, halimbawa ini, kung may sadiri kan nipa sa Balatasan, maduman ka pa. Matuk.. Duman ka matukbas. Duman sa may sadiri mo. Tapos hahakoton mo pa sa baroto.”*

(Diyan pa naman Sir, nakakatakot lalo kung may ahas... Malayo, halimbawa, kung may sarili kang nipa sa Balatasan, pupunta ka pa roon. Doon ka magtutukbas. Doon sa pagsasarili mo. Pagkatapos hahakutin mo po sa iyong baroto.”)

*“Pagbaba mo sana sa nipa... susmaryosep.”*

(Pagkababa mo sa nipa sa paghakot nito... susmaryosep.”)

*“Masabi ka na kapag nakasanggatos... ay salamat nakasanggatos ako.”*

(“Sasabihin mo kapag nakaisandaan... ay salamat, nakaisandaan ako.”)

Kinilala ang pagtitiklad bilang isang pangunahing hanapbuhay ng mga residente sa apat na piling barangay sa Calabanga (Balatasan, Balongay, Dominorog at San Bernardino) na may malawak na taniman ng nipa at naging lugar ng pagninipa sa nasabing munisipalidad. Ito rin ang tinaguriang mga barangay na may malaking produksiyon ng nipa na ibinebenta sa merkado ng hindi lamang sa loob ng munisipalidad maging sa karatig nito.

Sa isinagawang FGD sa anim na *respondent*, ipinakitang isa sa kanilang praktis sa pagtitiklad ay ang pagkatig at paghingi ng basbas sa Panginoon sa kanilang pagsisimula sa nasabing trabaho. Sa mga pahayag sa isinasalaysay, ipinapakita ang panimulang gawi sa pamamagitan ng paghingi ng gabay at proteksiyon sa Poong Maykapal simula sa pagtukbas hanggang sa matapos ang kanilang pangunahing produkto, ang tiklad. Pasasalamat din ang itinnugon ng isa. Sa kanilang pang-araw-araw na pagtatrabaho, hindi nawawala ang usaping paniniwala sa pagsisimulang gawin ang kanilang nakagisnang hanapbuhay.

Kung titingnan sa kanilang mga tugon, mailalarawan at makikita ang pagiging mapagsalig ng mga paratiklad sa Calabanga sa Panginoon

na sa pagsisimula pa lamang ng kanilang gagawing may kinalaman sa pagtitiklad ay kaagad silang hihingi ng gabay upang maisakatuparan at makauwing ligtas ang sinumang bahagi ng pamilyang nagtitiklad. Maaalalang bago pa man makalikha sila ng tiklad ay dadaan muna sila sa pangunguha ay pangangalap ng mga kasangkapan sa pagbuo nito na makikita mismo sa malawak na lugar sa kanilang lugar. Palaging nariyan ang kapahamakan dahil nasa natural silang lugar na may mga namumuhay na ahas dahil mismo sa matubig, mamasa-masa, maputik, at madamong lokasyon. Makikita rin ang kanilang pananalig hanggang matapos ang pagtitiklad. Ibig sabihin, likas sa mga paratiklad sa Calabanga ang pagiging madasalin at labis na pananalig sa Poong Maykapal.

Isinasaalang-alang nila ang kanilang gagawing pagtitiklad sa Panginoon mula sa simula hanggang sa matapos at mabuo ang quota na kanilang kinakailangan sa buong araw. Salamin din ito ng pagiging tunay na kaugalian ng mga taga-Calabanga na relihiyoso at/o may higit na paniniwala at pananampalataya sa Panginoon hindi lamang sa pagdadasal ng mga personal na hangarin sa buhay maging sa pagdadasal at paghingi ng proteksiyon, gabay, at pasasalamat sa kanilang buhay pagtitiklad. Sinang-ayunan ito ng aklat ni Canell na naglahad ng isa sa mga kontekstong pumapapaloob sa kulturang Bikol tulad ng pananampalataya at pagkahilig sa mga santo.<sup>18</sup>May kinalaman ang mga ito sa usaping relihiyon at pananampalataya ng komunidad ng mga paratiklad na Calabagueño.

## B. Ang Kuwenta Kultura ng mga Calabagueñong Paratiklad

*“Kultura iyan Sir ta enot kami gabos tiripon na ini mga paratiklad. Sa barangay po duman sa Balatasan, paratiklad. Sa Dominorog, paratiklad. Bihira man lang po an tawo digding dae nagtitiklad. Duman samuya, bihira man. Seguro kun tatawan porsiyento, 5 porsiyento lang duman samo an dae nagtitiklad, ang sitenta isingko paratiklad na iyan.”*

<sup>18</sup>Fenella Cannel. *Power and Intimacy in the Christian Philippines*. Ateneo de Manila University Press: Quezon City Philippines, (1999).

(“Kultura iyan Sir dahil una, lahat kami nagkakatipon-tipong mga paratiklad. Sa barangay po doon sa Balatasan, lahat din paratiklad. Sa Dominorog, ganoon din. Bihira lang naman po ang hindi nagtitiklad. Dito sa amin, bihira din. Seguro, kung bibigyan ng bahagdan, 5 porsiyento lang doon ang hindi nagtitiklad. Ang pitumpu’t lima ay lahat paratiklad.”)

Sinasabing maituturing na kolektibo, tiyak, at pinagsasaluhang mga gawi ang isang kultura. Ang pagtitiklad bilang pangunahing hanapbuhay ng mga paratiklad sa Calabanga (Balatasan, Balongay, Dominorog, at San Bernardino) ay maihahanay rito. Itinampok ang isa sa ibinigay na pahayag ng isa sa respondent ng pag-aaral tungkol sa pagturing ng pagtitiklad bilang isang kultura at pagkakakilanlan ng mga Calabangueño sa usaping pang-okupasyon. Ipinakita sa nasabing tugon ang sariling pagkuwenta at estadistika ang isang paratiklad na dekada na sa kaniyang trabahong kinakabilangan. Ipinakita rin ang pagkakaugnay-ugnay ng mga barangay na kasangkot sa bawat isa. Tunay na ipinapakita ng mga mamamayan sa mga nasabing barangay kung ano at paano nila itinuturing ang pagtitiklad bilang isang kultura. Malinaw na halos lahat ng mga residente sa kanilang barangay ay marunong magtiklad o dili kaya’y nasa industriya ng pagtitiklad. Maituturing itong isang kultura ng Calabanga na simula sa murang edad ay natutuhan na nila ang gawaing ito. Simula sa pagiging isang libangan hanggang sa naging isang gawaing pampamilya at pampayanan. Maging ang barangay ay kasangkot sa pagpapalawak at pagpapausbong ng kultura ng pagtitiklad. Sa pamamagitan ng mga talang ibinigay ng mga punong barangay, tunay na matutukoy ang mga paratiklad sa maraming panahon. Sa tala rin ng munisipalidad, mariing sinabing sila ang pangunahing *producer* ng tiklad sa munisipalidad at sa mga karatig nito (Bombon, Magarao, Canaman, maging siyudad Naga). Ayon kay Villan, ang kultura ay isang tanggap na paraan ng pamumuhay ng lipunan na nakapagbibigay ng kabutihan at kapakinabangan sa bayan.<sup>19</sup>Ito ay gawa ng pag-iral ng mga napagkasunduang gawi, kaisipan, o pagpapahalaga sa loob ng napakahabang panahon. Patunay ang

---

<sup>19</sup>Vicente Villan. Kultura. (2021)

pagtitiklad ng mga taga-Calabanga ang magpapalikha ng kulturang Calabangueño sa usaping pang-okupasyon.

*“Iyo na iyan Sir an talagang ikakaapod nin kuwenta kultura, ta iyo na ang nagimatan.”*

(Iyan na po Sir ang talagang ikakatawag na kuwenta-kultura dahil ito ang kinagisnan.)

Namulat din ang mga mamamayan an lipunan sa trabahong ito. Sa mga kinapanayam, makikitang sila ay bihasa sa trabahong ito. Sa hindi mabilang na taon at dekada sa pagtitiklad, masasabing sila na mismo ang tagapagdala ng kultura ng pagtitiklad na naipapasa-pasa na nila sa kanilang mga kamag-anak maging sa mga nakakasalamuha sa kanilang komunidad. Kalahati sa respondent ng pag-aaral ay kabilang na sa senior citizens kung kaya mapapatunayang inabot na nila talaga ang sukduhan ang pagtitiklad. Simbolo rin ang pagtitiklad ng pagpapasa-pasa ng kanilang gawi at mga paniniwalang dala-dala na ng mga paratiklad sa kasalukuyan. Sa isinagawang pagmamapa, masasabing kitang-kita pagtitiklad bilang simbolo o icon ng apat na barangay na pinaglunan ng pag-aaral. Sinabi nga ni Flores, 12 na ang mga *icon* ay magagamit bilang representasyon ng etnokultural na pagmamapa. Ang pagmamapang etnokultural ay pagtatala at pag-unawa sa iba't ibang tinig at persepsiyong nakapag-ukit, nakapaglikha, nakapagpakahulugan, nakapaglarawan, at nakapaghugis ng natatanging lugar at tao sa pabago-bagong panahon.

*“Iyo po Sir... ta arog kaiyan.. may magibo nin... may nag-oorder duman samuya... ogwa samong paragibong kopya. Tapos may paragibo nin itong basket na lalaogan бага kan an-it. Tiggigibo ninda iyan. Magayon pati an pakagibo kan kopya. Huna mo puwede i... ano bagang... lagan ninda nin mga burak...”*

(Opo Sir... halimbawa... may gagawa ng... may nag-oorder doon sa amin. Mayroong tagagawa ng sombrero. Pagkatapos, may gumagawa ng basket na lalagyan ng mga an-it (isang uri ng talangka). Ginagawa nila iyan. Maganda ang pagkakagawa ng sombrero. Akalain mong puwedeng... lagayan ng mga bulaklak.”)

*“May maorder nin suka o tuba.”*

(“May mag-oorder ng suka o tuba.”)

Sa nabanggit na pahayag ipinapakita ang tugon ng isa sa mga respondent ng pag-aaral. Inilahad sa kaniyang tugon na hindi lamang tiklad ang nabubuo at nalilikha sa nipa maging ibang mga kasangkapan sa pang-araw-araw ay maaari ding malikha gamit lamang ang nipa. Ipinakitang maaaring makalikha ng sombrero at basket na maaaring paglagyan. Dahil sa mayaman ang apat na barangay sa mga nipa na pinakapinagkukunan ng tiklad, nagkaroon din ng pagkakataong makalikha sila ng ibang kasangkapan bukod sa kanilang itinatampok na materyal. Pagkamalikhain din ang lumitaw sa kanilang mga tugon. Makikitang may sisibol pang mga kasangkapan na mula mismo sa kanilang mayamang tiklad.

Nabanggit na rin sa ilang artikulo na ginagamit hindi lamang ang dahon ng nipa maging ang ibang bahagi nito tulad ng katas.<sup>20</sup> Nabanggit din sa pakikipagkuwentuhan na ginagawang suka ang bunga nito at sa kasalukuyan daw ay may mga mananaliksik sa lokal na pamahalaan ng Camarines Sur ang gumagawa ng mga pag-aaral sa bungang nipa. Mahihinuhang sa patuloy na pagtuklas at pagkamalikhain ng mga mamamayan sa kanilang komunidad, marami pang uusbong at lilitaw na mga produktong mula mismo sa nipa na taglay ng apat na barangay na kasangkot (Balatasan, Balongay, Dominorog, at San Bernardino). Ang halaga ng kultura bilang pagbibigay-katuturan sa identidad ng isang natatanging lugar, paggamit ng mga sariling resorses, pagsasangkot sa komunidad bilang buhay na kayamanan at mga tradisyon ng lugar, at preserbasyon tungo sa pagpapanatili ng mayamang kultura. Ang nipa bilang sariling resorses ng apat na barangay sa munisipalidad ng Calabanga ay maituturing na kanilang identidad at nasa patuloy na paglikha tungo sa pagpapayabong ng natatanging kulturang taglay nito.<sup>21</sup>

---

<sup>20</sup>Jaime T. Malanyaon. *Calabanga*. AMS Press Naga City, (1991).

<sup>21</sup>Sonia Moreira Cabeca. *Cultural Mapping: A Sustainable Methodology for Intangible Cultural Heritage*, (2018), 1-2.



*“Ta sakuya Sir, para sakuya kultura talaga iyan. Ta iyo na... Sikat iyan Sir samuyang nipa na iyan Sir. Dawa sain po kaya iyan nakakaabot, Sinasabi daang mura pero sikat an samuyang nipa.”*  
(“Dahil sa akin Sir, para sa akin ay kultura talaga iyan. Dahil iyan na talaga. Sikat iyan Sir sa aming nipa. Kahit saan po kasi nakakarating. Sinasabi mang mura pero sikat ang sa aming nipa.”)

Sa tugong ito, inilahad ng isang *respondent* ang pagiging natatangi ng tiklad at pagtitiklad. Isinalaysay niya na may sariling porma at identidad ang kanilang tiklad kung kaya sikat ito sa iba-ibang karatig lugar ng Calabanga. Sa usapin ng tiklad at pagtitiklad, ang apat na barangay (Balatasan, Balongay, Dominorog, at San Bernardino) talaga at ang munisipalidad ng Calabanga ang naiisip ng mga mamimili maging ang mga karatig na bayan at/o siyudad nito. Ito na mismo ang masasabi ng mga Calabangueñong paratiklad na sila talaga ang hinahanap at hinahagilap kapag magadang kalidad na tiklad na ang pinag-uusapan. Ang pagkakaroon ng sariling pagkakakilanlan ng mga paratiklad sa Calabanga ay patunay sa kanilang angking pagkamalikhain at pagkamatiyaga sa kanilang trabaho. Ipinagmamalaki at nakakapagpatangi sa kanila ang kanilang pagkamalikhain at pagkamatiyaga sa trabaho na siyang taglay rin ng mga taga-Calabanga. Maliit man ang kinikita sa kasalukuyan, ay hindi nila ikinakaila at ikinakahiya ang kanilang trabaho. Karagdagan, bukod sa pagmamalaki sa kanilang tiklad bilang produkto, itinatangi rin nila ang kanilang sarili bilang paratiklad sa pamamagitan ng pagkakaroon ng sariling identidad sa paglikha ng kultura ng pagtitiklad sa Calabanga na kapag sinabing tiklad, Calabanga, ang uukilkil sa mga isip ng mga mamimili. Positibong gawi ito ng Calabangueño sa pangkalahatan. Sabi nga sa pag-aaral ni Palabrica sa naratibo ng pagtitiklad makikita rin ang mga simbolong magagamit sa pagtukoy ng kultural na identidad ng mga paratiklad sa Calabanga.<sup>22</sup> Ang pagiging masipag, matiyaga, matatag, at pursigido ay makikita simula sa pag-ani sa mga dahon ng nipa, pagbibilad nito sa araw, pagkakabit-kabit sa pamamagitan ng pagtatahi

<sup>22</sup>Consuelo Paz. *Wikang Filipino Atin Ito*. (Lungsod Quezon, UP Sentro ng Wikang Filipino, 1998).

hanggang sa maging buong tiklad na ito na magagamit bilang bubong ng ilang mamamayan sa hindi lamang sa Calabanga maging sa mga karatig munisipalidad nito. Ang mga gawaing ito ang nagpapakita ng paglinang sa mga positibong pag-uugali ng isang indibidwal partikular ang mga Calabangueño.

## Kultural na Pagkakakilanlang Calabangueño sa Tulong ng mga Naratibong Nabuo sa Pang-okupasyong Kaligiran sa Pagtitiklad

### A. Ang Pagtitiklad bilang ambag sa Kulturang Calabangueño

*“Saka... saka Sir, talagang...igwa man naggad sa kadaklan saindang mayong trabaho sinda... kun manonongod sa samong trabaho. Tano ta nasasabi kong talagang dae sindang trabaho? Dae sinda tatao. Dae sinda tatao. Gulpi Sir an nag... gulpi an nagdadalan kan nagtitiriklad nagigibong pagtiklad... na itong mga aki sanang kuyan... mga dae pa ngani na siyete anyos... pigdadalan na ta... matibayon na magtiklad o... magayon ngaya pati an tiklad. Kaya arog lang kaiyan Sir. Kaya, kun sa i... ipagpaparehas sa trabaho digdi saka sa itong daeng trabaho, an mga... sa mga tagaibang lugar... talagang dae sinda makakaparehas kan samong trabaho digdi ta dae sinda taratao talaga...Praktis po talaga.”*

(“At saka Sir, talagang karamihan sa kanila ay walang mga trabaho kung sa usaping trabaho. Bakit ko sinasabing wala talaga silang trabaho? Hindi sila marunong. Hindi sila marunong. Marami ang nanonood sa mga nagtitiklad tulad ng mga bata na halos hindi pa nga nasa ikapitong taong gulang ay magaling nang magtiklad... at magandang magtiklad... Kung kaya ganoon na lamang Sir. Kaya, kung ihahambing sa trabahong ito saka sa mga walang trabaho sa ibang mga lugar, talagang hindi nila maipapareho ang aming trabaho dahil nga hindi sila marunong nito. Kailangan ng maraming praktis.”)

*“Kaya, iyo na iyan an kuwenta baga, masasabi tang tradisyon. An nanudan mi digdi para sa samo man, an duman man sa ibang lugar... an nanudan man ninda duman, dae mi man aram... sainda man nanudan.”*

(“Kaya iyan na ang kuwenta, masasabi nating tradisyon. Ang natutuhan naming dito para sa amin din, maging din sa ibang lugar... ang natutuhan naman nila.. hindi namin alam... sa kanila naman iyon.”)

Makikita sa pahayag ng isang *respondent* na kinapanayam ang kaniyang saloobin sa pagtitiklad bilang isang kulturang Calabangueño at pagtatangi nito sa ibang lugar na may katulad na okupasyon o trabaho. Ipinapakita ang paglalahad niyang isang malaking sakripisyo ang trabahong pagtitiklad. Simula sa pag-aaral at pagma-master ng kasanayan dito. Isinalaysay niya ring kailangan talaga ng labis na kasanayan at puwersang pisikal ang pagtitiklad. Simula sa pagtutukbas o pagkuha ng mga dahon ng nipa bilang pangunahing kasangkapan hanggang sa pagtahi-tahi nito upang gawing isang tiklad na makikita sa mga pamilihing bayan maging sa malalaking bentahan nito sa kanilang barangay. Ipinapakita rin na sa murang edad pa lamang sa kanilang komunidad ay nakukuha na nila ang praktis na ito hanggang sa maging bahagi na ng pang-araw-araw na pamumuhay.

Natututong magtiklad sa murang edad pa lamang dahil na mismo ang paligid ang nag-uudyok na yakapin at maging bahagi ng lipunan at ng kultura ng pagtitiklad. Ibig sabihin, naipapasa na agad sa bagong henerasyon ang trabahong ito na itinuturing bilang kultura ang mga taga-Balatasan, Balongay, Dominorog, at San Berdardino, munisipalidad ng Calabanga, Camarines Sur. Ang pagsasalo-salo ng gawaing ito ang nagpapatatag ng kanilang samahan bilang miyembro ng pamilya at ng komunidad na kanilang kinakabilangan.

*“Masakit man kaya Sir... Masakit man po kaya Sir pagpopoon pagtiklad ta ako kaidto Sir nabubuwisit ngani ako kaiyan... dae ako tatao, habo ko na. Pero itong na naghahaloy... ay magayon palan ta makalima, may piso... dae mi man aram an iba nindang trabaho, kami aram mi ining nipa na ini, tinitiklad mi ini. Aram na ni.”*

(“Mahirap kasi Sir... Mahirap po kapag nagsisimula sa pagtiklad dahil ako noon Sir ay nabubuwisit din... hindi ako marunong... ayaw ko na. Pero kinalaunan, maganda pala dahil kapag nakalima akong gawa ay may piso... hindi namin alam ang iba nilang trabaho. Kami, alam naming itong mga nipang iyon, tinitiklad namin ito. Baitd na naming ito.”)

Baon ang tiyaga at sakripisyo, masasabing isa ito sa pagiging katangi-tangi ng kulturang Calabangueño sa ngalan ng pagtitiklad. Ayon nga mismo kay Pohlong, 13-15, nakikilala ang mga paratiklad dahil na mismo sa kanilang kinamulang gawaing pang-okupasyon. Naibabahagi at naipapasa-pasa nila ito sa iba-ibang henerasyon dahil sa pinagsamang mga gawi-gawi, wikang ibinahagi at isinaeksklusibo sa kanilang hanapbuhay.<sup>23</sup>

*“Bilang Sir ikakaambag mi sa ngalan kan munisipyo... bako na sa samo mga... kun sabagay hali man sana samo ta kami an paragibo. Pero an bilang madalagan duman sa municipal nin kuwenta ambag idtong nagkukua man samuya si tiklad... itong parabakal na... nagkukua sinda duman nin permit... nagbabayad sinda kan buwis kan karga ninda.”*

(“Bilang ikakaambag Sir sa ngalan ng munisipalidad... hindi na sa amin... kung sabagay galing din sa amin mismo dahil kami ang tagagawa. Pero ang bilang takbuhan doon sa munisipalidad ng kuwenta ambag ay iyong kumukuha sa amin ng tiklad. Kumukuha sila ng permit at nagbabayad din sila ng buwiks sa kanilang mga karga.”)

Sa pahayag ding ito ipinapakita ang isa sa mga tugon ng respondent tungkol sa ambag nilang mga paratiklad sa munisipalidad ng Calabanga. Sinabi ng respondent na malaki rin ang kanilang ambag sa ngalan ng kalakalan sa pagtitiklad sa merkado. Bagamat hindi sila ang pangunahing humaharap sa mga mamimili at mangunguha ng tiklad ay alam nila mismo sa kanilang sarili na sa galing sa kanilang

---

<sup>23</sup>Basil Pohlong. *Culture and Religion: A Conceptual Study*. Northeastern Hill University: Shillong India, (2004), 13-15.

barangay ang tiklad na makikita sa mga pamilihing bayan at sa iba pang mga angkatan sa karatig bayan at/o siyudad nito. Nagkakaroon din sila ng ambag sa usaping pang-ekonomiya ng kita ng munisipalidad sa pamamagitan ng pagbubuwis ng mamumuhunan o negosyanteng kumukuha ng mga tiklad nang bultohan o maramihan. Ibig sabihin, nagkakaroon ng ugnayan sa pagitan ng mga paratiklad, namumuhunan, at ang bayang kinakabilangan nila. Nabubuo ang pagpapatibay at pagpapatulog ng estado ng pagtitiklad sa kanilang mga barangay. Hangga't may namumuhunan at bumibili ng mga tiklad, aandar at aandar ang hanapbuhay at kultura ng pagtitiklad. Kung sakaling bumaba man, hindi ito mawawala sa dahilang nagsisilbi rin itong pangunahing pangkonsumo ng mga paratiklad. Kung kaya, masasabing nariyan at nariyan pa rin ang kultura ng pagtitiklad.

*“Ay kun kaipuhan Sir nin ito bagang... may mga arog kaiyang okasyon.. kun kaipuhan nindang magpagibo digdi ano... nin tiklad... di siyempre dadarahon duman... dadarahon sa Calabanga.”*

(“Ay kung kailangan Sir ng... tulad ng may okasyon... kung kailangan nilang magpagawa ng tiklad, siyempre dadalhin naming doon. Dadalhin sa Calabanga.”)

Mababakas din sa pahayag na ito ang pagiging likas na matulongin at malikhain ng mga Calabangueño. Ang kultura ng pagtutulongan ay kitang-kita sa mga paratiklad sa Calabanga na siyang kinamulatan at nakagawian simula pa mismo sa kanilang barangay na kinakabilangan. Mababalikang ayon sa ilang pahayag ay maraming pagkakataong nagtutulong-tulongan sila sa pagtukbas at sa pagtitiklad upang higit na mapadali ang isang trabaho. Paraan din ito upang maging magaan ang daloy ng kanilang trabaho sa kabila ng nakakapagod at punong sakripisyong paghahanapbuhay. Ambag din nila ang kanilang magandang kalidad na tiklad sa mga okasyong mayroon sa munisipalidad. Halimbawa na lamang nito kapag darating ang Disyembre na gagawa ng mga Belen ang bawat barangay maging ang munisipalidad. Pangunahing kakailanganin nila ang tiklad bilang bubong sa isang talipapa na magiging lunan ng kapanganakan ng ating Panginoong Hesus.

*“Saka manonongod naman Sir sa pangangaipo nin tabang... arog kaiyan mga... manonongod sa paghalimbawa... ah... ining pistahan o ano pa mang parade kan mga Mr. and Ms., kinakaipo baga an tiklad, an nipa ta igdi. Ginigibo nindang samno... Lalo na ngunyan na mga... na nga Pasko, bonyag. Ogwa kapag naggigiribong belen naghaharagad sinda. “Makihagad man gaya kami ta gibuhon mi ngayang ano sa”... kubo-kubo, sa Belen.”*

(“At saka tungkol naman Sir sa paghihingi ng tabang... tulad ng tungkol sa may pista o ano pa mang mga parada ng Mr. and Ms., kapag kailangan ang tiklad, ang nipa natin dito. Ginagawa itong pandekorasyon. Lalo na ngayong pasko at binyag. Mayroon din kapag gumagawang Belen, humihingi sila. “Makihingi naman po kami at gagawin naming kubo-kubo sa Belen.”)

*“Iyo po Sir... naano po kaya iyan Sir... Nadedesign iyan Sir... decoration...”*

(“Opo Sir... naididisenyo po iyan.”)

*“Sa mga kasalan, pigkakaag iyan sa may atubangan kan tata...”*  
(Sa mga kasalan, inilalagay iyan sa may bungad.”)

*“Nagkukua katong ugbos... ginigibo nin garo mga burak-burak sa may pintuan kan ano...”*

(“Kumukuha ng talbos, ginagawa iyong parang mga bulaklak sa may pintuan.”)

Sa usapin ng pagdidisenyo, itinampok din ang tiklad bilang kasangkapan sa paglikha ng mga maaaring dekorasyon tuwing may kasalan ayon mismo sa pahayag ng isang respondent. Tugon niya, ginagamit din ang tiklad bilang pandisenyo sa ilang okasyon mayroon sa Calabanga. Sinabi nilang ginagamit ito tuwing may kompetisyong pagandahan (halimbawa ang mga Miss), magpapasko lalo na sa paggawa ng belen, at maging sa binayagan. Muling mababakas ang pagkakakilanlang Calabangueño sa pagiging inobatibo at *resourceful* sa paglikha ng mga bagay na nakikita lamang sa kanilang paligid. Dahil nga mayaman ang kanilang mga barangay sa nipa na pangunahing

lahok sa tiklad, nagkakaroon din sila pagkakataong makadiskubre at makalikha pa ng mga bagay na maaari ding pagmulan ng pakinabang at gamit sa pagtitiklad. Karagdagan, sa tulong nga ng tiklad ay mas nagiging bukas sila sa maaari pang oportunidad sa mga paratiklad at sa pagtitiklad bilang kultura. Tunay ngang likas sa mga taga-Calabanga ang pagiging inobatibo at resourceful na kitang-kita rin sa mga Calabangueñong paratiklad. Higit pa sa mga nalilikhang kagamitan ang pag-uugaling patuloy na hinuhulma at ipinapasa sa iba-ibang henerasyon.

## B. Ang Pagtitiklad Bilang Maipagmamalaking Pagkakakilanlang Calabangueño

Sa pagtugon sa pang-araw-araw na pangangailangan

*“Ay an pagmamalaki mo kaiyan, nakakatabang ka... nakakabakal kun ano gusto mong bakalon... di maiwawaras mo sa aki mo... o magtiklad ka...”*

(“Ang ipagmamalaki ko niyan ay, nakakatulong ka... nabibili mo kung ano ang gusto mong bilhin... maipapamahagi mo ito sa pamilya mo... o magtiklad ka!”)

*“Kita sa aroaldaw... basta kita magtrabaho kan nipa dae kita mahalian nin pagbuhay. An iba po baga kayang trabaho kun dae ka makatapos sarong semana mayo ka pang income.”*

(Sa araw-araw, basta tayo’y nagtatrabaho ng nipa hindi tayo maaalisan ng hanapbuhay. Ang iba pong trabaho, kung hindi makatapos sa isang linggo ay wala kang matatanggap na income.”)

*“Ako Sir... an maipagmamalaki ko diyan nakakatabang iyan sako dawa mura... Tano? Diyan ako nagkukua nin balonon kan mga aki kong nag-eeskuwela sa West Coast. Diyan ako nakakakuang panribay kape, asukar. Dawa barato Sir pigbabakal talaga siya.*

*Kaya dakulang tabang an paratiklad. Mapagal lang Sir.”*

(“Ako Sir, ang maipagmamalaki ko riyang ay nakakatulung iyan sa akin kahit mura. Bakit? Dahil diyan ako kumukuha ng pambaon ng mga anak kong pumapasok sa West Coast. Diyan ako nakakakuha na ipampapalit sa kape’t asukal. Kahit mura Sir, binibili talaga ito.”)

*“Mapagal Sir, pero mas gusto ko kaya an pagtiklad ta yaon sana ako sa laog kan harong mi... o titiritiklad. Gusto ko ngani kaiyan Sir makanorood an mga aki ko ta... para kun may makulog man si sarong tao arog sako o makakagibo sinda.”*

(Nakakapagod Sir pero mas gusto ko kasi ang pagtitiklad dahil nasa bahay lang ako, nagtitiklad ako. Gusto ko nga Sir matuto ang mga anak ko dahil kung sakali mang magkasakit ang isa, may isang makakagawa.”)

*“An maipagmamalaki mi lang Sir... arog kan para sakuya... ah... Dae na... Nagmamalaki ako ta ako dae na mabakal kun sain nin kuyan... nin lugar. Pag-isip ko nin magibong harong... may makukua na akong pang-atop... Sadiri ko... dae na ako mabakal.”*

(“Ang maipagmamalaki lang naming Sir... katulad ng para sa akin... Nagmamalaki ako dahil hindi na ako bibili kung saan ng ganiyan... ng lugar... Kapag inisip kong gumawa ng bahay, may makukuha akong pambubuong. Hindi na ako bibili pa.”)

Makikita sa mga pahayag ng ilang respondent ng pag-aaral ang halaga na pagtitiklad sa kanilang buhay sa pagtugon sa pang-araw-araw nilang pamumuhay. Tulad ng mga pahayag sa unang suliranin ng pag-aaral, ipinakita rin doon ang mga narataibong may kaugnayan sa pagtitiklad at isa rin ito sa mga temang umigpaw sa pag-aaral. Mahihinuhanang tunay ngang sa tulong ng hanapbuhay at kultura ng pagtitiklad sa Calabanga, naibibigay nito ang mga pangunahing pangangailangan sa araw-araw ng kanilang pamilya at mag-anak ng partikular na ang mga paratiklad. Karagdagan, sa kanilang tugon din makikita ang pagiging orgulyo ng pagtitiklad sa kanilang personal na mga buhay. Sa kabila ng pagiging seasonal ng tiklad sa usaping ng benta at pagsasamerkado, hindi pa rin nila ito ipagpapalit sa ibang trabahong maaari nilang pasukin.



Sa kabilang banda, ipinagmamalaki rin nila ang pagtitiklad at bilang paratiklad ng Calabanga. Kultura ito kung maituturing at pagkakakilanlan ng mga taga-Calabanga ang pagmamalaki at pagsasapuso ng pagtitiklad hindi lamang bilang isang gawaing pantahanan at pangkabuhayan mula pa noon hanggang sa kasalukuyan.

Sa usaping pang-edukasyon,

*“Tapos, ipagmamalaki mo Sir... kun halimbawa paratiklad ka, si aki mo nakapatapos ka pagklase, nakapaggraduate. Arog sakuya nakapaggraduate ako nang aki ngunyan. Iyan po ipagmamalaki. Sa pagtiklad lang iyan Sir. Sa pagtiklad iyan Sir.”*

*“Ako man Sir, ako man. Dawa si mga aki ko dae man nagkagraggraduate nin kursong nakua, ito pong ogwa akong aki na nakagraudate man, tapos an mga aki niya ngunyan, lima po anas nag-eereskuwela sa West Coast may saro na po siya nin 2<sup>nd</sup> year college. Diyan po iyan sa pagtiklad.”*

(“Pagkatapos, ipagmamalaki mo Sir... kung halimbawa ikaw ay isang paratiklad, ang anak mo nakapagtapos sa pag-aaral. Katulad sa akin, nakapapagradweyt ako ng anak ko ngayon. Iyan po ay ipagmamalaki. Sa pagtiklad lamang iyan Sir. Sa pagtiklad po iyan Sir.”)

*“Kaya ako imamalaki ko man, ta sakuya Sir, si bunso ko napaggraduate ko ning college, ngunyan supervisor na ngunyan sa Naga.”*

(“Kaya ako ipagmamalaki ko rin, dahil sa akin Sir, ang aking bunso ay napagtapos ko ng kolehiyo. Ngayon, supervisor na sa Naga.”)

Nailahad sa mga tugon ng mga respondent ang ilang maipagmamalaki nila sa kanilang trabahong pagtitiklad. Ipinakita rito ang ibang anggulo ng pagtugon ng pagtitiklad sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Hindi na lamang ito simpleng pagtugon sa pangangailangan sa loob ng tahanan bagkus ay ang pagtitiklad din ay daan sa pagiging matagumpay ng mga miyembro ng kanilang pamilya partikular sa usaping pang-edukasyon. Ipinagmamalaki nilang dahil sa

pagtitiklad ay nagawa nilang mapagtapos ang kanilang mga anak sa pag-aaral. May ilan ding nagsabing sa kasalukuyan sa tulong ng pagtitiklad ay nagpapatuloy sa pag-aaral ang kanilang mga apo sa iba-ibang antas pang-edukasyon. Ibig sabihin, ang patitiklad ay isang kasangkapan sa pagtupad sa mga pangarap ng pamilyang Calabangueño na dahil sa pagiging matiyaga at masinop, maraming hangarin ang naisasakatuparan ng mga miyembro ng pamilya. Mahihinuhan kaya nananatili ang kultura ng pagtitiklad ay dahil sa halagang panlipunan nitong nagiging susing tagumpay ng isang lipunan o komunidad na nagsasalo-salo at nagsasama-sama sa pagtugon nito.

Mahihinuha sa mga temang ipinakita sa pagkakakilanlang Calabangueño sa pagtitiklad ang:

Una, ang pagtitiklad bilang isang pinagsasaluhang kultura ng apat ng barangay sa Calabanga (Balatasan, Balongay, Dominorog, at San Bernardino) mula noon hanggang sa kasalukuyang estado ng kanilang komunidad. Ito rin ay ipinapasa-pasa sa bawat miyembro ng pamilya at maging ang lipunan ay may malaking ambag sa ngalan ng kahalagahan nito. Ipinakita ito sa una at ikaapat na suliranin ng pag-aaral.

Ikalawa, ang pagiging matiyaga, masinop, malikhain (inobatibo) at *resourcefulness* ay ang kultural identidad ng mga paratiklad sa Calabanga na masasabing taglay ng bawat paratiklad maging ng mga Calabangueño saanmang dako ng munisipalidad. Makikita ito sa una, ikatlo, at ikaapat na suliranin ng pag-aaral.

Ikatlo, higit na nagkakaroon ng sariling identidad at pagkakakilanlan ang mga paratiklad sa Calabanga dahil sa mga pang-okupasyong baryasyon ng wika na tanging sa kanilang hanapbuhay lamang ginagamit. Ang mga ibinahaging salita maging ang mga kahulugan nito ay patunay na may sariling pagkakakilanlan ang mga Calabangueñong paratiklad.

Sa pagsusuma, ang mga naratibong ibinahagi ng mga *respondent* sa pag-aaral, ang mga eksklusibong terminolohiya sa pagtitiklad ay mga temang nagpapaigpaw sa pagkakakilanlang Calabangueño sa mga paratiklad.

## KONGKLUSYON

Naging kongklusyon dito na ang mga naratibong ibinigay ng mga paratiklad sa piling barangay sa Calabanga (Balatasan, Balongay, Dominorog, at San Bernardino) ay may malaking balidasyon sa kanilang kulturang pinagsasaluhan at patuloy na isinasabuhay. Sa mga paksang nalikha, masasabing ang pagtitiklad ng mga Calabangueño ay sumasalamin sa kanilang sarili at sa komunidad na kanilang kinakabilangan. Mahihinuha sa kanilang pinagkasunduang 22 eksklusibong terminolohiyang ginagamit sa pagtitiklad sa usaping pang-okupasyong varayti ng wika ay tunay na may sariling pagkakakilanlan at tiyak gamit ang wika ng mga paratiklad sa Calabanga, Camarines Sur. Sa mga ibinahaging mga termino ay mapapatunayang nagkakasundo-sundo at patuloy nilang ginagamit ang mga wikang ito sa kanilang hanapbuhay. Patunay ring *cultural lexicography* ito kung maituturing at magsisilbing kalipunan ng mga wika sa pang-okupasyong varayti. Sa dulo ay ambag ito sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Kultural na pagkakakilanlan ng mga paratiklad sa Calabanga ang pagiging matiyaga, masinop, malikhain (inobatibo), at *resourcefulness*. Makikita rin ang kanilang nakagawiang praktis sa pagtitiklad hanggang sa kasalukuyan ay inaaplay nila sa pang-araw-araw na hanapbuhay. Kitangkita ito sa walong respondent na kinapanayam at pinaggawaan ng pag-aaral. Masasalamin din sa mga barangay na napuntahan ang komunidad ng positibong kaugalian at halagahan tulad ng mga katangiang nabanggit.. Sa mga naratibong ibinigay, nabakas ang kultural na pagkakakilanlang Calabangueño. Ipinakita rin ang distingksiyon ng pagtitiklad sa ibang trabaho sa pamamagitan ng pagtatangi nito at maipagmamalaking tunay sa tulong ng mga buhay na pruweba ng pagsisikhay at tagumpay. Masasabing ang mga naratibong patuloy na ibinahagi ng mga respondent ng pag-aaral ay ang mga patunay na buhay at dinamiko ang kultura ng pagtitiklad sa Calabanga at hindi ito basta lamang pinagkukunan ng pang-araw-araw na pangangailangan kundi ito ay pagtupad sa kanilang mga pangarap maging ang walang kamatayang dulot ng pagtitiklad sa kanilang buhay. Ang kanilang mga oral na salaysay ay kuwento rin ng mga paratiklad sa halos buong Calabanga na may pinagsasaluhang kultura ng pagtitiklad.

## BIBLIOGRAPHY

- Batuigas Janet. T. at Carandang II Ernesto. V. *Bin-i: New Theoretical and Critical Writings on the Philippine Studies*. University of Santo Tomas Publishing House, 2004.
- Braun Virginia. at Clarke Victoria. *APA Handbook of Research Methods in Psychology: Vol 2. Research Designs*. American Psychological Association, 2012.
- Brief Historical Background. Calabanga Profile. n.d.
- Calabresi, Claudia. The Narrative Theory: Introduction to Critics, Defenses, and Possible Resolutions. Retrieved from: <https://www.researchgate.net/publication/337949018>. 2019.
- Cannel, Fenella. *Power and Intimacy in the Christian Philippines*. Ateneo de Manila University Press: Quezon City, Philippines, 1999.
- Cabeca, Sonia. Moreira. *Cultural Mapping: A Sustainable Methodology for Intangible Cultural Heritage*. Retrieved from: [https://memoriamedia.net/pdfarticles/ENG\\_MEMORIAMEDIAREVIEW\\_Cultural\\_Mapping.pdf](https://memoriamedia.net/pdfarticles/ENG_MEMORIAMEDIAREVIEW_Cultural_Mapping.pdf). 2018.
- City, Culture, and Society. Introduction: Mapping Cultural Intangibles*. Retrieved from: <http://dx.doi.org/10.1016/j.ccs.2015.12.006>. 2015.
- Cresswell, John. W. *Educational Research: Planning, Conducting, and Evaluating Quantitative and Qualitative Research*. 4<sup>th</sup> edition, 2012.
- Duxbury, Nancy, Garrett-Petts, W. F. and MacLennan, David. *Cultural Mapping as Cultural Inquiry: Introduction to an Emerging Field of Practice*. Retrieved from: <https://www.routledge.com/Cultural-Mapping-as-Cultural-Inquiry/Duxbury-Garrett-Petts-MacLennan/p/book/9780367599003>. 2015.

- Ehala, Martin. Yagmur, Kutlay. *Traditional and Innovative Approaches to Ethnolinguistic Vitality. Special Issue on Ethnolinguistic Vitality*. Submitted journal of Multicultural Development, 2010.
- Flores, Marot Nelmidia. *Pangasinan: Isang Etnokultural na Pagmamapa*. Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman, 2020.
- Gregory Michael. at Susanne. Carroll. *Language and Situation: Language Varieties and Their Social Context*. London: Routledge & Kegan Paul, 1978.
- Halliday, Michael. *Language as Social Semiotic: The Social Interpretation of Language and Meaning*. London: Edward Arnold, 1978.
- Krueger, Richard.A. *Focus Groups: A Practical Guide for Applied Research* (2<sup>nd</sup> ed). Thousand Oaks, CA: Sage, 1994.
- KWF Diksiyonáryo ng Wikang Filipino*. Retrieved from: <https://kwfdiksiyonaryo.ph/>. n.d.
- Malanyaon, Jaime. T. *Calabanga*. AMS Press: Naga City, 1991.
- McClure, Kevin. *Resurrecting the Narrative Paradigm: Identification and the Case of Young Earth Creationism*. Rhetoric Society Quarterly, 2009.
- Morales, Rita.D. *Barayti ng Asukal sa Palengke ng Nasugbu, Batangas Bilang Isang Kultural na Paglalarawan ng Asukal at Pag-aasukal ng Bayan*. Papel na binasa sa First International Conference on Philippine Studies. Kalibo, Aklan, Philippines, 2017.
- Nairn Karen, et.al. *Consent Requires a Relationship: Rethinking Group Consent and its timing in Ethnographic Research*. University of Otago College of Education, Dunedin New Zealand, 2020.
- Nataño, Norberto. M. *Communicating History and Culture through 'Kuwentong Bayan' (Folktales): The Case of Angono, Rizal, Philippines*. Papel na binasa sa First International Conference on Philippine Studies. Kalibo, Aklan, Philippines, 2017.

- National Commission for Culture and Arts. *Major Programs and Projects*. Retrieved from:  
<https://ncca.gov.ph/wp-content/uploads/2015/04/NCCA-Major-Programs-Projects.pdf>. 2015.
- Paz, Consuelo. *Wikang Filipino Atin Ito*. Lungsod Quezon: UP Sentro ng Wikang Filipino, 1998.
- Peterson, William. *Dancing, Marching, and Baton Twirling with the Virgin: Performing Community at the Peñafrancia Festival*, 2020.
- philatlas.com. *Calabanga, Province of Camarines Sur, Philippines*. Retrieved from:  
<https://www.philatlas.com/luzon/r05/camarines-sur/calabanga.html>. 2022.
- Pohlong, Basil. *Culture and Religion: A Conceptual Study*. Northeastern Hill University: Shillong, India, 2004.
- Poole, Peter. *Cultural Mapping and Indigenous Peoples. A Report for UNESCO*. Retrieved from:  
[https://dlwqtxtslxzle7.cloudfront.net/30394361/11953.pdf?1357210380=&response-contentdisposition=inline%3B+filename%3DCultural\\_mapping\\_and\\_indigenous\\_peoples.pdf](https://dlwqtxtslxzle7.cloudfront.net/30394361/11953.pdf?1357210380=&response-contentdisposition=inline%3B+filename%3DCultural_mapping_and_indigenous_peoples.pdf). 2003.
- Peregrino Jovy .M. et.al. *Salindaw: Varayti at Barayasyon ng Filipino*. Sentro ng Wikang Filipino. Unibersidad ng Pilipinas, 2012.
- Reyes, Alvin .Ringgo C. *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Filipino*. Diwa Learning Systems: Lungsod Makati, 2016.
- Rodriguez-Tatel, Mary Jane B. *Araling Etniko sa Wikang Filipino: Pagpapaibayo ng Pilipinohiya/Araling Pilipino*. Unibersidad ng Pilipinas: Quezon City, 2017.
- Sabrizaa, Mohd. *Understanding the Past for a Sustainable Future: Cultural mapping of Malay heritage*. Retrieved from:  
<http://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/4.0/>. 2014.

San Juan, David. Michael M. *Ang Filipino Bilang Global na Wika*. Papel na binasa sa Pandaigdigang Kumperensiya. De La Salle College of St. Benilde, Maynila, 2018.

United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. *UNESCO moving forward the 2030 Agenda for Sustainable Development*. Retrieved from: <https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000247785>. 2017.

Valencia, Armie. L. *Igba as a Traditional Planting Ritual Among Farmers of Mauban, Quezon: Implications to Cultural Education*. Papel na binasa sa 3<sup>rd</sup> Malikhaing Guro International Conference on Culture-Based Education. Ho Chi Minh City, Vietnam, 2016.

Yulo, Edward .C. *Katutubong Pagkawari sa mga Pook Pangalan ng Lalawigan ng Batangas at Laguna*. Anotasyon ng mga Tesis at Disertasyon sa Filipino. University of the Philippines – Diliman, 2002.

## TUNGKOL SA MGA MAY-AKDA

**Vasil A. Victoria, PhD**, ay nagtapos ng *PhD* sa Araling Filipino sa *De La Salle University*, Maynila na may perpektong kuwatro ang lahat ng marka sa kaniyang kurso. Nasa 20 taon na ang kaniyang karanasan bilang edukador sa Filipino sa Pamantasang Ateneo de Naga. Siya ay kinikilala sa kahusayan sa pagtuturo-pagkatutong pinatutunayan ng *excellent evaluation* mula sa kaniyang mga mag-aaral, kapuwa-guro, at immediate superior mula noong 2014 hanggang sa kasalukuyan. Siya rin ay tagapangasiwa ng mga pandaigdigan, pambansa, at panrehiyong seminar-worksyap sa Filipino. Siya ang punong direktor ng **Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino** o **SAGIF**. Marami na rin ang mga aklat na kaniyang naisulat para sa medyor maging sa lahat ng antas ng pag-aaral. Nakapaglathala na rin ng maraming pananaliksik sa mga *refereed journal*. Marami na rin siyang kawanggawa at ektensiyon para sa pagpapalaganap, pagtataguyod, at pagpapalakas ng Wikang Pambasa partikular sa Bikol.

Isinilang siya sa dalawang matinding dahilan, una ang magturo nang buong husay, at ikalawa ang magmahal nang buong dalisay. Naniniwala siyang ang tao ay ipinanganak para magtagumpay at maglakbay.

Si **Nicholson M. Nidea** ay nagtapos ng *Bachelor of Secondary Education Major in Filipino* sa *Central Bicol State University of Agriculture-Calabanga Campus* noong 2016. Natamo rin ang pagiging *Licensed Professional Teacher* sa parehong taon. Naging guro ng/sa Filipino sa antas sekundarya (JHS at SHS) at kolehiyo sa *Central Bicol State University of Agriculture-Calabanga Campus* mulang Hunyo 2016-Agosto 2017. Sa kasalukuyan ay *Senior High School Teacher I* sa *Quipayo National High School*, Calabanga, Camarines Sur. Tapos din siya sa *Ateneo de Naga University* sa digring *Master of Arts in Education Major in Filipino*. Kilala siya bilang mahusay na guro, mapagkakatiwalaang kaibigan, at mabuting tao. Totoo kung makitungo sa kahit anong uri at antas ng tao. Taong simbahan din siya. Palasimba.